# Mga Kuwento sa Bagong Tipan





# Mga Kuwento sa Bagong Tipan

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Pabalat sa harapan: *Ang Pagsilang ni Jesucristo,* ni Paul Mann. © IRI
Pabalat sa likuran: *Si Maria sa Libingan,* ni Paul Mann. © IRI

© 2009 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Ikalawang edisyon
Binago 2008
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 6/08. Pagsang-ayon sa pagsasalin: 6/08.
Pagsasalin ng *New Testament Stories*.

Tagalog 36618 893



# Mga Nilalaman


| Kabanata | Pamagat | Pahina |
|---|---|---|
| | Pambungad: Ang Plano ng Ating Ama sa Langit | 1 |
| 1 | Sina Elisabet at Zacarias | 6 |
| 2 | Si Maria at ang Anghel | 8 |
| 3 | Isinilang si Juan Bautista | 10 |
| 4 | Si Jose at ang Anghel | 12 |
| 5 | Isinilang si Jesucristo | 13 |
| 6 | Pag-aalay sa Templo | 16 |
| 7 | Ang mga Pantas na Lalake | 18 |
| 8 | Ang Masamang si Haring Herodes | 19 |
| 9 | Ang Batang si Jesus | 21 |
| 10 | Bininyagan si Jesus | 26 |
| 11 | Tinukso si Jesus | 30 |
| 12 | Ang Kasal sa Cana | 32 |
| 13 | Si Jesus at ang Bahay ng Kanyang Ama sa Langit | 34 |
| 14 | Nicodemo | 36 |
| 15 | Ang Babae sa May Balon | 38 |
| 16 | Ang Anak na Lalaki ng Pinuno | 40 |
| 17 | Ang mga Galit na Tao sa Nazaret | 42 |
| 18 | Pinili ni Jesus ang Kanyang mga Apostol | 44 |
| 19 | Ang Sermon sa Bundok | 48 |
| 20 | Nagturo si Jesus tungkol sa Panalangin | 51 |
| 21 | Inutusan ni Jesus ang Hangin at mga Alon | 53 |
| 22 | Ang Lalaking Sinaniban ng Masasamang Espiritu | 54 |
| 23 | Ang Lalaking Hindi Makalakad | 57 |
| 24 | Binuhay ang Anak na Babae ni Jairo | 59 |
| 25 | Hinipo ng Isang Babae ang Damit ni Jesus | 62 |
| 26 | Pinatawad ni Jesus ang Isang Babae | 64 |
| 27 | Ginawa ang Gawain ng Kanyang Ama sa Daigdig | 67 |
| 28 | Pinakain ni Jesus ang 5,000 Tao | 69 |
| 29 | Lumakad si Jesus sa Tubig | 71 |

| | | |
|---|---|---|
| **30** | Ang Tinapay ng Buhay | 73 |
| **31** | Pinagaling ni Jesus ang Bingi | 75 |
| **32** | Pinatotohanan ni Pedro si Cristo | 76 |
| **33** | Pagpapakita nang may Kaluwalhatian: Ang Pagbabagong-anyo | 78 |
| **34** | Ang Batang Lalaking Sinaniban ng Masamang Espiritu | 80 |
| **35** | Ang Mabuting Samaritano | 82 |
| **36** | Nagkuwento si Jesus ng Tatlong Talinghaga | 85 |
| | Ang Nawawalang Tupa | 86 |
| | Ang Nawawalang Barya | 88 |
| | Ang Nawawalang Anak na Lalaki | 90 |
| **37** | Ang Sampung Ketongin | 95 |
| **38** | Ang Fariseo at ang Publikano | 97 |
| **39** | Pinagaling ni Jesus ang Bulag | 100 |
| **40** | Ang Mabuting Pastol | 102 |
| **41** | Binasbasan ni Jesus ang mga Bata | 104 |
| **42** | Ang Mayamang Binata | 105 |
| **43** | Muling Binuhay ni Jesus si Lazaro | 107 |
| **44** | Nagpunta ang Tagapagligtas sa Jerusalem | 110 |
| **45** | Ang mga Lepta ng Balo | 113 |
| **46** | Ang Ikalawang Pagparito | 115 |
| **47** | Ang Sampung Dalaga | 118 |
| **48** | Ang mga Talento | 121 |
| **49** | Ang Unang Sacrament | 124 |
| **50** | Iba Pang mga Turo sa Huling Hapunan | 127 |
| **51** | Nagdusa si Jesus sa Halamanan ng Getsemani | 129 |
| **52** | Ang mga Paglilitis kay Jesus | 133 |
| **53** | Ipinako si Jesus sa Krus | 136 |
| **54** | Nagbangon si Jesus | 139 |
| **55** | Pinamunuan ng mga Apostol ang Simbahan | 145 |
| **56** | Pinagaling ni Pedro ang Isang Lalaki | 148 |
| **57** | Pinatay ng Masasamang Tao si Esteban | 150 |
| **58** | Si Simon at ang Priesthood | 152 |
| **59** | Nalaman ni Saulo ang Tungkol kay Jesus | 154 |
| **60** | Muling Binuhay ni Pedro si Tabita | 156 |
| **61** | Sina Pablo at Silas sa Bilangguan | 158 |
| **62** | Sinunod ni Pablo ang Espiritu Santo | 161 |
| **63** | Tinapos ni Pablo ang Kanyang Misyon | 162 |

Pagkaraan ng Bagong Tipan . . . . . . . . . . 167
Mga Salitang Dapat Malaman . . . . . . . . . . 171
Mga Lugar na Dapat Malaman . . . . . . . . . . 176
Mga Taong Dapat Makilala . . . . . . . . . . 179
Mga Larawan ng Banal na Lupain . . . . . . . . . . 180
Time Line ng Bagong Tipan . . . . . . . . . . 184

# Mga Pinagmulan

Ang ilan sa impormasyon sa aklat na ito ay hinango sa mga aklat na nakalista sa ibaba.

Bible Dictionary sa Latter-day Saint edition ng King James Version ng Biblia (1979)

James E. Talmage, *Jesus the Christ,* Ika-3 edisyon (1916)

*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith (1976)

## Sa Mambabasa

*Ang Mga Kuwento sa Bagong Tipan* ay isinulat lalo na para sa inyo. Ang mga kuwentong ito ay hango sa isang aklat na sagrado. Habang binabasa ninyo ang mga kuwentong ito, alalahanin na ang mga ito ay tungkol sa tunay na mga taong nabuhay noong araw.

Paulit-ulit na basahin ang mga kuwento hanggang sa maintindihan ninyong mabuti ang mga ito. Maaari rin ninyong basahin ang mga ito mula sa Biblia. Sa ilalim ng karamihan sa mga larawan, makikita ninyo ang mga reperensyang nagsasabi sa inyo kung saan matatagpuan ang kuwentong iyon sa Biblia o sa iba pang mga aklat. Magpatulong sa inyong ama, ina, guro, o kaibigan na makita ang kuwento sa mga banal na kasulatan.

Kung hindi ninyo alam ang kahulugan ng isang salita, hanapin ito sa bahaging "Mga Salitang Dapat Malaman" sa bandang likod ng aklat. Kung gusto ninyong mas may malaman pa tungkol sa isang lugar, hanapin ito sa bahaging "Mga Lugar na Dapat Malaman." Kung hindi ninyo kilala ang isang tao, hanapin siya sa bahaging "Mga Taong Dapat Makilala." May bahagi rin sa aklat na ito na may mga larawan ng mga lugar sa Banal na Lupain at isang time line ng Bagong Tipan.

## Sa mga Magulang at Guro

Makakatulong ang aklat na ito sa pagtuturo ninyo ng mga banal na kasulatan. Gamitin ang mga bahaging "Mga Salitang Dapat Malaman," "Mga Lugar na Dapat Malaman," at "Mga Taong Dapat Makilala" para tulungan ang mga bata na maging pamilyar sa mga salita, tao, at lugar sa aklat na ito. Kabilang sa iba pang mga tulong sa aklat na ito ang mga mapa, larawan, at isang time line.

Habang nagtuturo kayo, magbahagi ng patotoo tungkol sa Biblia. Hikayatin ang mga tinuturuan ninyo na hangarin nang may panalangin na magtamo ng sarili nilang patotoo sa mga banal na kasulatan at sa Tagapagligtas na si Jesucristo. Mas lalawak ang pang-unawa ng mga tinuturuan ninyo kapag binasa ninyo sa kanila ang paborito nilang mga kuwento mula sa Biblia mismo.




PAMBUNGAD

# Ang Plano ng Ating Ama sa Langit



Nanirahan tayo sa langit sa piling ng Ama sa Langit bago tayo pumarito sa daigdig. Tayo ay Kanyang mga espiritung anak at may katawang espiritu. Minahal natin Siya, at minahal Niya tayo.

Teachings of the Prophet Joseph Smith, *354*




Itinuro ng Ama sa Langit ang plano Niya para sa atin. Ang tawag dito ay plano ng kaligtasan. Kung susundin natin ang Kanyang plano, magiging katulad tayo ng Ama sa Langit. Ang plano ay pumarito tayo sa daigdig at magkaroon ng mga katawang may laman at dugo. Tayo ay susubukan para malaman kung pipiliin nating sundin ang mga utos ng Diyos.

*Abraham 3:24–25*



Ang plano ng kaligtasan ay nagbibigay-daan para muli nating makapiling ang Ama sa Langit. Kailangan nating sundin ang mga utos. Pero kailangan din natin ng tulong. Kailangan tayong matubos sa ating mga kasalanan, at kailangan natin ng nabuhay na mag-uling mga katawan. Dahil hindi natin kayang tubusin ang sarili nating mga kasalanan o buhaying mag-uli ang sarili nating katawan, kailangan natin ng isang Tagapagligtas upang gawin ito para sa atin.

*2 Nephi 2:5–9*



Pinili ng Ama sa Langit si Jesucristo na maging Tagapagligtas natin. Mahal ni Jesus ang Ama sa Langit. Mahal din tayo ni Jesus. Pumayag Siyang pumarito sa daigdig para ipakita sa atin kung paano maging matwid. Maglalaan Siya ng paraan para maligtas tayong lahat. Pumayag Siyang magdusa para sa ating mga kasalanan. Mamamatay rin Siya at mabubuhay na mag-uli para tayo man ay mabuhay na mag-uli.

*2 Nephi 2:8–9; Moises 4:1–2*



Gusto rin ni Satanas na maging tagapagligtas natin. Pero hindi niya mahal ang Ama sa Langit. Hindi niya tayo mahal. Gusto niyang baguhin ang plano ng Ama sa Langit para mapasakanya ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Ama sa Langit.

*Moises 4:1–2*



Ipinasiya ng ilan sa mga espiritung anak ng Ama sa Langit na sundin si Satanas. Nalungkot dito nang labis ang Ama sa Langit. Pinalayas Niya sa langit si Satanas at mga kampon nito. Si Satanas ang diyablo. Siya at ang mga espiritung sumunod sa kanya ay gusto tayong magkasala.

*Moises 4:3–4*



Sinabi ng Ama sa Langit kay Jesus na lumikha ng daigdig para sa atin. Sumunod si Jesus. Nilikha Niya ang araw, buwan, at mga bituin. Naglagay Siya ng mga halaman at hayop sa daigdig. Ngayon ay may daigdig tayong mapupuntahan kung saan magkakaroon tayo ng mga katawang may laman at dugo.

*Sa Mga Hebreo 1:2; Mosias 3:8; Abraham 4*



Maraming tao ang nanirahan sa daigdig. Ang ilan sa kanila ay pinipiling sundin ang mga utos ng Diyos; ang ilan ay hindi. Tinuruan ng mga sinaunang propeta ang mga tao tungkol sa plano ng Ama sa Langit at kay Jesucristo.

*2 Nephi 2:19–21; Jacob 7:10–11; Moises 5:13–15*




Sinabi ng mga propeta na magiging ama ni Jesus ang Ama sa Langit. Ang Kanyang magiging ina ay isang napakabuting babaeng nagngangalang Maria. Isisilang Siya sa Betlehem.

*Isaias 7:14; Mikas 5:2; 1 Nephi 11:18–21; Alma 7:10*




Sabi ng mga propeta, maraming taong hindi maniniwala na si Jesus ang Tagapagligtas. Para Siyang tulad ng ibang karaniwang tao at hindi mayaman. Maraming taong magagalit sa Kanya.

*Isaias 53:2–3*



Nagsabi rin ang mga propeta tungkol kay Juan Bautista. Siya muna ang darating bago si Jesus para sabihin sa mga tao ang tungkol sa Kanya. Bibinyagan ni Juan si Jesus.

*Isaias 40:3; Mateo 3:1–3; 1 Nephi 10:7–10; 11:27*



Sabi ng mga propeta, magiging mabait at maraming himalang gagawin si Jesus. Pero bago Siya mamatay, magdurusa si Jesus para sa mga kasalanan ng lahat ng tao para hindi na sila magdusa kung magsisisi sila.

*Mosias 3:5–8; Doktrina at mga Tipan 19:16–18*




Alam ng maraming propeta na ipapako sa krus si Jesucristo na ating Tagapagligtas. Ipapako Siya sa krus na kahoy at magbubuwis ng buhay para sa atin.

*Juan 3:14–15; Mosias 15:7–9*




Pagkaraan ng tatlong araw, mabubuhay Siyang mag-uli. Babalik ang Kanyang espiritu sa Kanyang katawan. Dahil mamamatay si Jesus at mabubuhay na mag-uli, tayong lahat din ay mabubuhay na mag-uli.

*Isaias 25:8; I Mga Taga Corinto 15:22; 2 Nephi 2:8; Alma 33:21–22*



Ipinapakita ng Bagong Tipan na totoo ang mga sinabi ng mga propeta. Ito ay kuwento tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang mga Apostol. Nanirahan sila sa Banal na Lupain.

Marami sa mga taong nanirahan doon ay tinatawag na mga Judio. Nasakop ng mga Romano ang Banal na Lupain, at namuno sila sa mga Judio.




KABANATA 1

# Sina Elisabet at Zacarias




Si Zacarias at ang asawa niyang si Elisabet ay mga Judiong nakatira malapit sa Jerusalem. Sinunod nila ang mga utos ng Diyos. Maraming taon nilang ipinagdasal na magkaanak. Pagtanda nila, wala pa rin silang anak.

*Lucas 1:5–7, 13*




Si Zacarias ay isang saserdote sa templo. Isang araw nagpakita sa kanya ang anghel na si Gabriel. Sabi ni Gabriel sasagutin ng Diyos ang panalangin nina Zacarias at Elisabet. Magkakaanak sila. Sabi ni Gabriel, pangangalanan nila itong Juan.

*Lucas 1:8–13, 19*




Sabi ni Gabriel, si Juan ay magiging mabuting propeta ng Diyos. Tuturuan niya ang mga tao tungkol kay Jesucristo.

*Lucas 1:15–17*



Hindi naniwala si Zacarias sa anghel. Napakatanda na ni Elisabet para magkaanak. Sabi ni Gabriel, dahil hindi naniwala si Zacarias sa pangako ng Diyos, hindi siya makakapagsalita hanggang hindi naisisilang si Juan.

*Lucas 1:18–20*




K A B A N A T A  2

# Si Maria at ang Anghel



Sina Maria at Jose ay nakatira sa Nazaret. Napakabubuti nilang tao. Nagmamahalan sila at malapit nang ikasal.

*Lucas 1:26–27*



Isang araw nagpakita ang anghel na si Gabriel kay Maria. Sinabi nito kay Maria na pagpapalain siya ng Diyos.

*Lucas 1:26, 28–30*




Sabi ni Gabriel kay Maria, siya ang magiging ina ng Anak ng Diyos. Ang magiging pangalan Niya ay Jesus, at Siya ay magiging Hari ng lahat ng mabubuting tao.

*Lucas 1:31–33*



Sinabi ni Maria na susundin niya ang Ama sa Langit at magiging ina ni Jesus.

*Lucas 1:34–35, 38; 1 Nephi 11:18–21*



KABANATA 3

# Isinilang si Juan Bautista



Sinabi ng anghel na si Gabriel kay Maria na magkakaanak din ng lalaki si Elisabet. Magkamag-anak sina Maria at Elisabet.

*Lucas 1:36–37*




Binisita ni Maria si Elisabet. Sinabi ng Espiritu Santo kay Elisabet na si Maria ang magiging ina ni Jesucristo. Nagpasalamat sa Diyos sina Maria at Elisabet sa pagpapala sa kanila. Halos tatlong buwang nanatili si Maria kay Elisabet. Pagkatapos ay umuwi na si Maria sa Nazaret.

*Lucas 1:39–56*




Isinilang ang anak na lalaki ni Elisabet. Masaya ang kanyang mga kaibigan at pamilya. Inisip nila na dapat ay isunod ang pangalan ng sanggol sa ama niyang si Zacarias. Pero sabi ni Elisabet, ang dapat ipangalan dito ay Juan. Nabigla ang lahat.

*Lucas 1:57–61*



Tinanong ng mga tao si Zacarias kung ano ang dapat ipangalan sa sanggol. Hindi pa rin makapagsalita si Zacarias, kaya isinulat niya, "Ang kaniyang pangalan ay Juan."

*Lucas 1:62–63*




Pagkatapos ay muling nakapagsalita si Zacarias. Napuspos siya ng Espiritu Santo. Sinabi niya sa mga tao na malapit nang isilang si Jesucristo at ihahanda ni Juan ang mga tao para sa Kanya.

*Lucas 1:64, 67–69, 76*



Lumaki si Juan na isang dakilang propeta. Tinuruan niya ang mga tao tungkol kay Jesucristo.

*Lucas 1:67, 76–80*




KABANATA 4

# Si Jose at ang Anghel



Si Jose ay isang mabuti at mabait na tao. Ikakasal na sila ni Maria. Nang malaman niyang magkakaanak si Maria, hindi niya alam ang gagawin. Dahil hindi niya anak ang sanggol, inisip niyang hindi niya dapat pakasalan si Maria.

*Mateo 1:18–19*



Isang gabi nagpakita ang isang anghel kay Jose sa panaginip at sinabihan siya na ang sanggol ni Maria ay ang Anak ng Diyos. Sinabi ng anghel kay Jose na pakasalan si Maria at pangalanan ng Jesus ang sanggol nito. Si Jesus ang magiging Tagapagligtas ng mundo.

*Mateo 1:20–21*



Sinunod ni Jose ang anghel at pinakasalan si Maria.

*Mateo 1:24–25*



KABANATA 5

# Isinilang si Jesucristo




Gumawa ng batas ang emperador ng mga Romano na lahat ay dapat magbayad ng buwis. Sina Jose at Maria ay nakatira sa Nazaret. Naglakbay sila nang 65 milya (105 km) papuntang Betlehem para magbayad ng buwis.

*Lucas 2:1–5*




Hindi madali para kay Maria ang maglakbay papuntang Betlehem. Malapit na siyang manganak.

*Lucas 2:4–5*



Pagdating nina Jose at Maria sa Betlehem, lahat ng silid ay puno ng mga tao. Kinailangang tumigil nina Maria at Jose sa isang kuwadra. Ang kuwadra ay isang lugar para sa mga hayop.

*Lucas 2:6–7*



Doon isinilang ang sanggol. Ibinalot Siya ni Maria sa lampin at inihiga Siya sa sabsaban.

Pinangalanan nina Jose at Maria ang sanggol ng Jesus.

*Lucas 2:7, 21*



Noong gabing isilang si Jesus, inaalagaan ng mga pastol ang mga tupa sa parang malapit sa Betlehem. Nagpakita sa kanila ang isang anghel. Natakot ang mga pastol.

*Lucas 2:8–9*



Sinabihan sila ng anghel na huwag matakot. May magandang balita itong hatid: Ang Tagapagligtas, si Jesucristo, ay isinilang sa Betlehem. Matatagpuan nila Siya na nakahiga sa isang sabsaban.

*Lucas 2:10–12*



Nagpunta ang mga pastol sa Betlehem, kung saan nila nakita ang sanggol na si Jesus.

*Lucas 2:15–16*



Masaya ang mga pastol na makita ang Tagapagligtas. Ikinuwento nila sa ibang mga tao ang lahat ng narinig at nakita nila.

*Lucas 2:17, 20*



KABANATA 6

# Pag-aalay sa Templo



Nang ilang linggo na si Jesus, dinala Siya ng Kanyang mga magulang sa Jerusalem para ialay sa templo.

*Lucas 2:22*



Nasa templo si Simeon, isang mabuting taong nakatira sa Jerusalem. Sinabi sa kanya ng Espiritu Santo na makikita niya si Cristo bago siya mamatay.

*Lucas 2:25–26*




Nakita ni Simeon ang sanggol na si Jesus sa templo. Kinalong niya Siya sa kanyang mga bisig at pinuri ang Diyos.

*Lucas 2:27–29*



Sinabi ni Simeon na ang bata ay maghahatid ng kaligtasan sa lahat ng tao. Namangha sina Jose at Maria sa sinabi niya.

*Lucas 2:30–33*



Nakita rin ng balo na si Ana si Jesus at nakilala nito kung sino Siya. Nagpasalamat ito at ikinuwento Siya sa maraming tao.

*Lucas 2:36–38*




KABANATA 7

# Ang mga Pantas na Lalake



May ilang pantas na lalakeng nakatira sa ibang lupain. Alam nila kung ano ang sinabi ng mga propeta tungkol sa pagsilang ni Jesus. Nang makita nila ang bagong bituin sa langit, alam nila na isang bagong hari ang isinilang.

*Mateo 2:1–2*



Nakipagkita ang mga Pantas na Lalake kay Herodes, isang hari ng mga Judio, sa Jerusalem. Tinanong nila ito kung nasaan ang bagong hari. Sinabi sa kanila ni Herodes na maghanap sa Betlehem. Kapag nakita nila ang sanggol dapat silang bumalik at ipaalam ito kay Herodes.

*Mateo 2:1–2, 8*



Nagpunta ang mga Pantas sa Betlehem at nakita si Jesus. Sinamba nila Siya at binigyan ng mga handog. Sinabihan sila sa panaginip na huwag nang bumalik sa Jerusalem para sabihin kay Herodes kung nasaan ang sanggol. Hindi nga sila nagbalik.

*Mateo 2:11–12*




KABANATA 8

# Ang Masamang si Haring Herodes



Nasabi ng mga Pantas na Lalake kay Herodes na si Jesus ay magiging hari. Gusto ni Herodes na siya lang ang hari. Sinabi niya sa kanyang mga kawal na patayin ang lahat ng sanggol sa Betlehem at mga kalapit na lugar.

*Mateo 2:3, 13, 16*




Sinabi ng isang anghel kay Jose na dalhin sina Maria at Jesus sa Egipto, isang bayang malayo sa Betlehem. Hindi hahanapin ni Herodes si Jesus doon.

*Mateo 2:13*



Sumunod si Jose. Nasa Egipto sila nina Maria at Jesus nang pagpapatayin ng mga kawal ni Herodes ang lahat ng sanggol sa Betlehem at mga kalapit na lugar.

*Mateo 2:14, 16*



Pagkamatay ni Haring Herodes, sinabi ng anghel kay Jose na iuwi na sina Jesus at Maria. Dinala sila ni Jose sa Nazaret, kung saan si Jesus ay ligtas.

*Mateo 2:19–21, 23*



KABANATA 9

# Ang Batang si Jesus



Si Jesus ay lumaki sa bayan ng Nazaret. Maraming bagay Siyang natutuhan at "[lumakas], . . . at sumasa kaniya ang biyaya ng Dios."

*Lucas 2:39–40*




Noong 12 taon na si Jesus, sumama Siya kina Jose at Maria sa isang grupo ng mga tao sa isang pagdiriwang sa Jerusalem. Nanatili sila roon nang ilang araw.

*Lucas 2:41–43*



Pag-uwi nina Jose at Maria, akala nila sumabay si Jesus sa Kanyang mga kaibigan pabalik sa Nazaret. Pero nanatili si Jesus sa Jerusalem.

*Lucas 2:43–44*



Nang hanapin nina Jose at Maria si Jesus, hindi nila Siya makita. Wala sa kanilang grupo ang nakakita sa Kanya. Kaya bumalik sina Jose at Maria sa Jerusalem. Tatlong araw nilang hinanap si Jesus. Lungkot na lungkot sila.

*Lucas 2:44–46*



Sa wakas natagpuan nila si Jesus sa templo, kausap ang ilang guro. Sinasagot Niya ang mga tanong nila. Nagulat ang mga guro sa dami ng nalalaman ni Jesus.

*Lucas 2:46–47 (tingnan sa footnote 46c)*



Sinabi ni Maria kay Jesus na nag-alala sila ni Jose sa Kanya. Sumagot si Jesus na ginagawa Niya ang gawain ng Kanyang Ama—gawain ng Diyos. Hindi iyon naintindihan nina Jose at Maria.

*Lucas 2:48–50*



Umuwi si Jesus sa Nazaret kasama sina Jose at Maria at sinunod Niya sila.

*Lucas 2:51*



Mas lalo pang natutuhan ni Jesus ang gawain ng Kanyang Ama sa Langit.

*Lucas 2:52*



Lumaki Siyang matangkad at malakas.

*Lucas 2:52*



Minahal Siya ng mga tao. Ginawa Niya ang gusto ng Diyos na gawin Niya.

*Lucas 2:52*



Mahal Siya ng Diyos.

*Lucas 2:52*



KABANATA 10

# Bininyagan si Jesus



Nanirahan si Juan sa ilang nang maraming taon. Nagsuot siya ng damit na yari sa balahibo ng kamelyo, at kumain ng pulot-pukyutan at mga balang. Nagdatingan ang mga tao mula sa mga lungsod para pakinggan siyang magturo. Nakilala siya na Juan Bautista.

*Mateo 3:1–5*



Tinuruan ni Juan Bautista ang mga tao tungkol kay Jesucristo. Tinuruan niya silang magsisi sa kanilang mga kasalanan at magpabinyag. Bininyagan ni Juan ang mga nagsisi sa kanilang mga kasalanan.

*Mateo 3:2–3, 5–6*



Tinanong ng mga tao si Juan Bautista kung paano mamuhay nang mas mabuti. Sinabi niya sa kanila na magbahagi sa mga maralita, magsabi ng totoo, at maging pantay ang pakikitungo sa iba. Sabi niya, malapit nang dumating si Jesucristo. Ibibigay sa kanila ni Jesus ang kaloob na Espiritu Santo.

*Mateo 3:2, 11–12; Lucas 3:10–14*



Isang araw habang binibinyagan ni Juan Bautista ang mga tao sa Ilog Jordan, lumapit si Jesucristo sa kanya. Hiniling Niya kay Juan na binyagan Siya. Alam ni Juan na laging sinusunod ni Jesus ang mga utos ng Diyos at hindi kailangang magsisi. Inakala ni Juan na hindi na kailangang binyagan si Jesus.

*Mateo 3:13–15; 2 Nephi 31:5–7*



Pero iniutos ng Diyos sa lahat ng tao na magpabinyag, kaya sinabi ni Jesus kay Juan na binyagan Siya. Nagpakita ng halimbawa si Jesus sa atin sa pagsunod sa utos ng Diyos na magpabinyag.

*Mateo 3:16; 2 Nephi 31:7–9*



Pag-ahon ni Jesus mula sa tubig, sumakanya ang Espiritu Santo. Nagsalita ang Diyos mula sa langit, na nagsasabing, "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan." Nagpatotoo rin si Juan Bautista na si Jesus ang Anak ng Diyos.

*Mateo 3:16–17; Juan 1:33–36;* Jesus the Christ, *150*




KABANATA 11

# Tinukso si Jesus



Nagpunta si Jesus sa ilang para makapiling ang Diyos. Kinausap ng Tagapagligtas ang Ama sa Langit. Hindi Siya kumain ng anuman sa loob ng 40 araw dahil nag-aayuno Siya.

*Mateo 4:1–2 (tingnan sa mga footnote* 1b *at* 2c*); Lucas 4:1–2 (tingnan sa footnote* 2a)



Dumating ang diyablo at tinukso si Jesus na patunayan na Siya ang Anak ng Diyos. Una, sinabi niya kay Jesus na gawing tinapay ang ilang bato. Gutom si Jesus, pero alam Niyang dapat lang Niyang gamitin ang Kanyang kapangyarihan sa pagtulong sa ibang tao. Hindi Niya ginawa ang sinabi ng diyablo.

*Mateo 4:2–4;* Jesus the Christ, *128–29*



Sumunod ay dinala ng Espiritu Santo si Jesus sa isang mataas na lugar sa templo. Tinukso ng diyablo si Jesus sa ikalawang pagkakataon, at sinabi sa Kanya na tumalon mula sa pader ng templo. Sinabi ng diyablo na kung si Jesus nga ang Anak ng Diyos, hindi hahayaan ng mga anghel na masaktan Siya. Hindi tumalon si Jesus. Alam Niya na maling gamitin ang Kanyang mga sagradong kapangyarihan sa ganitong paraan.

*Mateo 4:5–7 (tingnan sa mga footnote* 5a *at* 6a*)*



Pagkatapos ay dinala ng Espiritu Santo si Jesus sa ituktok ng bundok. Ipinakita niya kay Jesus ang lahat ng kaharian at yaman ng mundo. Sinabi ng diyablo kay Jesus na mapapasakanya ang lahat ng bagay na ito kung susundin Niya siya. Sinabi ni Jesus na ang Ama sa Langit lang ang susundin Niya. Pinaalis Niya ang diyablo. Umalis ang diyablo. Dumating ang mga anghel at binasbasan si Jesus. Handa na si Jesus na simulan ang Kanyang gawain.

*Mateo 4:8–11 (tingnan sa mga footnote* 8a *at* 9a*)*



KABANATA 12

# Ang Kasal sa Cana



Dumalo si Jesucristo at Kanyang mga disipulo sa isang kasal sa Cana. Naroon si Maria, ang ina ni Jesus. Sinabi nito kay Jesus na wala nang alak para sa mga bisita.

*Juan 2:1–3*



Iginalang at mahal ni Jesus ang Kanyang ina. Tinanong Niya kung ano ang gusto nitong gawin Niya.

*Juan 2:4 (tingnan sa footnote 4a)*



Sinabi ni Maria sa mga alila sa kasal na gawin ang anumang ipagawa ni Jesus sa kanila.

*Juan 2:5*




Sinabi ni Jesus sa mga alila na punuin ng tubig ang anim na malalaking banga. Bawat banga ay kayang maglaman ng 18 hanggang 27 galon (68 hanggang 102 litro). Pagkatapos ay ginawa Niyang alak ang tubig.

*Juan 2:6–7*



Sinabi Niya sa mga alila na kumuha ng alak sa mga banga at isilbi ito sa pinuno ng kapistahan.

*Juan 2:8*



Nagulat ang pinuno ng kapistahan nang inumin niya ang alak. Ang pinakamasarap na alak ay karaniwang isinisilbi sa simula ng kapistahan. Pero sa pagkakataong ito, sa huli isinilbi ang pinakamasarap na alak.

*Juan 2:9–10*



Ito ang unang nakatalang himalang isinagawa ni Jesus noong nabubuhay Siya sa daigdig. Ginawa Niya ito para tulungan ang Kanyang ina. Nakatulong din itong palakasin ang pananampalataya ng Kanyang mga disipulo.

*Juan 2:11*



KABANATA 13

# Si Jesus at ang Bahay ng Kanyang Ama sa Langit




Nagpunta si Jesus sa templo sa Jerusalem. Nagpunta rooon ang maraming tao para mag-alay ng sakripisyo sa pamamagitan ng pagpatay sa isang hayop at pagsunog nito sa altar. Ang sakripisyo ay nakatulong sa mga tao na isipin ang Tagapagligtas, na magsasakripisyo ng Kanyang Sarili sa pagdurusa at pagkamatay para sa kanila.

*Levitico 1:3–9; Juan 2:13; Moises 5:5–7*




May ilang taong walang hayop na isasakripisyo. Binentahan sila ng mga hayop ng mga tao sa templo. Gustong magkapera nang marami ang mga taong nagbebenta. Hindi nila inisip ang Diyos.

*Juan 2:14*



Nakita ni Jesus ang mga taong nagbebenta ng mga hayop sa templo. Sabi niya na ang templo ay bahay ng Ama sa Langit, isang banal na lugar. Sabi niya na hindi dapat mamili o magbenta ng mga bagay ang mga tao roon.

*Juan 2:16*



Gumawa ng panghampas si Jesus, itinaob ang mga mesa, itinapon ang pera sa sahig, at pinalayas ang mga nagbebenta sa templo. Ayaw Niya silang gumawa ng masasamang bagay sa bahay ng Ama sa Langit.

*Juan 2:15–16*




KABANATA 14

# Nicodemo



Si Nicodemo ay kabilang sa grupo ng mga Judio na tinatawag na mga Fariseo. Siya ay pinuno rin ng mga Judio. Maraming Fariseong hindi naniniwala na si Jesucristo ay isinugo ng Diyos. Pero naniwala si Nicodemo dahil sa mga himalang ginawa ni Jesus.

*Juan 3:1–2*




Kinausap ni Nicodemo ang Tagapagligtas isang gabi. Sinabi sa kanya ni Jesus na walang makakapasok sa kaharian ng Diyos kung hindi siya ipapanganak na muli.

*Juan 3:2–3*




Hindi ito naintindihan ni Nicodemo. Paano ipapanganak na muli ang isang tao? Ipinaliwanag ng Tagapagligtas na ang tinutukoy Niya ay mga espirituwal na bagay. Para ipanganak na muli, dapat ay mabinyagan ang isang tao sa tubig at tumanggap ng Espiritu Santo.

*Juan 3:4–7*



Ipinaliwanag ni Jesus na Siya ay isinugo sa daigdig upang tulungan tayong makabalik na lahat sa Ama sa Langit. Sinabi Niya na magdurusa Siya para sa ating mga kasalanan at mamamatay sa krus para magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan.

*Juan 3:12–17*



Sinabi Niya na kailangan nating maniwala sa Kanya at piliin ang tama. Kung gagawin natin ang tama, mabubuhay tayo magpakailanman sa kaharian ng Diyos.

*Juan 3:18–21*



KABANATA 15

# Ang Babae sa May Balon



Nilisan ni Jesus ang Jerusalem para magpunta sa Galilea. Naglakbay Siya hanggang Samaria at nakarating sa isang balon.

*Juan 4:3–6*



Pagod na Siya, at nagpahinga sa may balon. Isang babaeng Samaritano ang lumapit para kumuha ng kaunting tubig. Humingi si Jesus sa kanya ng inumin.

*Juan 4:6–7*



Dahil karaniwan ay hindi kinakausap ng mga Judio ang mga Samaritano, nagulat ang babae.

*Juan 4:9*



Sinabi ni Jesus sa babae na bibigyan Niya ito ng uri ng tubig na hindi na siya muling mauuhaw. Ipinaliwanag Niya na Siya ang Tagapagligtas. Ang tubig na ibibigay Niya rito ay "tubig na buhay" ng buhay na walang hanggan.

*Juan 4:10, 13–15, 25–26*



Napasa bayan ang babae at ikinuwento sa maraming tao si Jesus. Nagpuntahan sila sa balon at nakinig mismo kay Jesus. Marami sa kanila ang naniwala sa Kanyang mga salita.

*Juan 4:28–30, 39–42*




KABANATA 16

# Ang Anak na Lalaki ng Pinuno



May anak na lalaki ang isang pinuno ng mga Judio na malubha ang sakit. Inakala ng lahat na mamamatay na ang kanyang anak.

*Juan 4:46–47*



Iniwan ng lalaki ang kanyang anak sa bahay at naglakbay nang maraming milya hanggang sa bayan ng Cana. Natagpuan niya roon si Jesus.

*Juan 4:47*



Hiniling ng lalaki sa Tagapagligtas na sumama at pagalingin ang kanyang anak. Sinabi sa kanya ni Jesus na gagaling na ang kanyang anak. Naniwala ang lalaki kay Jesus, at umuwi na.

*Juan 4:47–50*



Sinalubong siya ng kanyang mga alipin. Sinabi nila sa kanya na pagaling na at mabubuhay ang kanyang anak. Tinanong niya sila kung kailan nagsimulang gumaling ang kanyang anak. Sinabi nila sa kanya. Sa oras na iyon mismo sinabi ni Jesus na gagaling ang kanyang anak.

*Juan 4:51–53*




Alam ng lalaki na pinagaling ni Jesucristo ang kanyang anak. Siya at ang kanyang buong pamilya ay naniwala sa Tagapagligtas.

*Juan 4:53*




KABANATA 17

# Ang mga Galit na Tao sa Nazaret



Nagpunta si Jesus sa Nazaret, ang bayang kinalakhan Niya.

*Lucas 4:16*



Nagpunta si Jesus sa isang sinagoga, isang gusaling sinisimbahan ng mga Judio. Tumayo Siya at nagbasa mula sa mga banal na kasulatan. Binasa Niya ang mga salita ng propetang si Isaias. Sinabi ni Isaias na darating ang Tagapagligtas sa daigdig at tutulungan ang lahat ng tao.

*Lucas 4:16–19*



Nang itiklop ni Jesus ang mga banal na kasulatan at umupo, nakatingin sa Kanya ang lahat.

*Lucas 4:20*



Sinabi ni Jesus na ang mga salita ni Isaias ay tungkol sa Kanya—na Siya ang Tagapagligtas. Namangha ang mga tao sa Kanyang mga salita. Sabi nila, "Hindi baga ito ang anak ni Jose?" Hindi sila naniwala na si Jesus ang Anak ng Diyos.

*Lucas 4:21–22*



Alam ng Tagapagligtas kung ano ang iniisip nila. Gusto nilang maghimala Siya. Pero sinabi sa kanila ni Jesus na hindi Siya maghihimala para sa kanila dahil wala silang pananampalataya sa Kanya.

*Lucas 4:23–27*



Ikinagalit ito ng mga tao. Dinala nila si Jesus sa ituktok ng isang burol at gusto Siyang ihulog mula rito.

*Lucas 4:28–29*



Tumakas si Jesus sa kanila at nagpunta sa ibang bayan.

*Lucas 4:30–31*



KABANATA 18

# Pinili ni Jesus ang Kanyang mga Apostol



Isang araw tinuruan ni Jesus ang mga tao mula sa isang bangka sa baybayin ng Dagat ng Galilea. Ang bangka ay pagmamay-ari ng lalaking nagngangalang Pedro.

*Lucas 5:1–3*



Magdamag na nangisda si Pedro at ang kanyang mga kaibigan pero walang nahuling isda. Pagkatapos magturo ni Jesus, sinabi Niya kay Pedro na dalhin sa laot ang bangka. Pagkatapos ay sinabi Niya kay Pedro at sa mga kaibigan nito na ihagis ang kanilang mga lambat sa tubig.

*Lucas 5:4–5*




Napakarami nilang nahuling isda kaya nagsimulang mapunit ang lambat nila.

*Lucas 5:6*



Pinalapit ni Pedro ang mga kaibigan niya sa isa pang bangka para tumulong. Punung-puno ng mga isda ang dalawang bangka kaya nagsimula silang lumubog.

*Lucas 5:7*



Namangha si Pedro at ang kanyang mga kaibigan. Alam nila na si Jesucristo ang may gawa niyon.

*Lucas 5:8–9*



Lumuhod si Pedro sa paanan ng Tagapagligtas. Sinabi niya na hindi siya karapat-dapat na mapalapit kay Jesus. Sinabi ni Jesus kay Pedro na huwag matakot.

*Lucas 5:8–10*



Magkapatid ang dalawa sa mga kaibigan ni Pedro, sina Santiago at Juan. Sinabi ni Jesus kina Pedro, Santiago, at Juan na sundan Siya at maging "mga mamamalakaya ng mga tao." Iniwan ng mga lalaki ang lahat ng ari-arian nila at sumama kay Jesus. Sinabi rin ng Tagapagligtas sa ibang mga lalaki na sundan Siya.

*Mateo 4:18–22; 9:9; Lucas 5:10–11; Juan 1:35–51*



Pumili ng labindalawang Apostol si Jesus para mamuno sa Kanyang Simbahan. Magdamag Siyang nagdasal para mapili Niya ang mga tamang lalaki. Kinabukasan pumili at nag-orden Siya ng labindalawang lalaki, at binigyan sila ng priesthood at ng awtoridad na maging mga Apostol.

*Marcos 3:14; Lucas 6:12–16; Juan 15:16*



Naglakbay ang mga Apostol sa maraming bayan. Nagturo sila ng ebanghelyo at nagpagaling ng mga tao. Nagbalik sila para sabihin kay Jesus ang nagawa nila.

*Marcos 6:30; Lucas 9:1–6, 10*




KABANATA 19

# Ang Sermon sa Bundok



Isang araw tinuruan ni Jesus ng ebanghelyo ang Kanyang mga disipulo sa gilid ng isang bundok sa may Dagat ng Galilea.

*Mateo 5:1*



Sinabi Niya sa kanila kung paano mamuhay para lumigaya at muling makapiling ang Ama sa Langit. Ang mga bagay na itinuro Niya sa kanila ay magpapaligaya rin sa atin.

*Mateo 5–7*




Sabi ni Jesus dapat tayong maging mahinahon, mapagpasensya, at handang sumunod sa Ama sa Langit.

*Mateo 5:5*



Dapat tayong magsumikap na maging matwid.

*Mateo 5:6*



Dapat nating patawarin ang mga taong nakasakit sa atin o nagpasama ng ating loob. Kung patatawarin natin sila, patatawarin tayo ng Ama sa Langit.

*Mateo 5:7*



Maging mga tagapamayapa tayo, mahalin natin ang ibang tao, at tulungan ang lahat na magmahalan.

*Mateo 5:9*




Huwag tayong matakot na ibahagi sa mga tao ang ebanghelyo o ipakita sa kanila na mahal natin ang Ama sa Langit. Kapag nakita ng ibang tao na gumagawa tayo ng mabuti, makakatulong ito para maniwala rin sila sa Diyos.

*Mateo 5:14–16*



Dapat nating laging tupdin ang ating mga pangako.

*Mateo 5:33–37*




At tulad ng gusto nating maging mabait sa atin ang iba, dapat din tayong maging mabait sa kanila.

*Mateo 7:12*



Sinabi ni Jesus na kung gagawin natin ang mga bagay na ito, liligaya tayo, pagpapalain tayo ng Ama sa Langit, at muli natin Siyang makakapiling.

*Mateo 5:2–12*




KABANATA 20

# Nagturo si Jesus tungkol sa Panalangin




Tinuruang manalangin ni Jesus ang Kanyang mga disipulo. Sinabi Niya na pakitang-tao lang ang pagdarasal ng ilang tao. Itinuro ni Jesus na dapat nating sambitin ang personal nating mga dalangin kung saan nag-iisa tayo, kung maaari.

*Mateo 6:5–6*



Sinabi Niya na paulit-ulit ang sinasabi ng ilang tao kapag nagdarasal. Hindi nila talaga iniisip ang sinasabi nila. Sinabi ni Jesus na dapat nating ipagdasal nang taimtim ang kailangan natin.

*Mateo 6:7–8*



Nagdasal ang Tagapagligtas para ipakita sa Kanyang mga disipulo kung paano manalangin. Nagsimula Siya sa pagsasabing, “Ama namin . . . sa langit.” Pinuri Niya ang Ama sa Langit at humingi sa Kanya ng tulong. Nagsabi Siya ng “amen” sa katapusan ng Kanyang dalangin. Kalaunan, sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na manalangin sa Ama sa Kanyang pangalan. Nangako Siya na sasagutin ng Ama sa Langit ang kanilang mga dalangin.

*Mateo 6:9–13; 21:22; Juan 16:23*



KABANATA 21

# Inutusan ni Jesus ang Hangin at mga Alon




Si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay sakay ng isang bangka sa Dagat ng Galilea. Nakatulog si Jesus. Nagsimulang humangin nang napakalakas, at pinupuno ng tubig ng mga alon ang bangka. Natakot ang mga disipulo na baka ito lumubog. Ginising nila si Jesus at hiningan Siya ng tulong.

*Lucas 8:22–24*



Iniutos ng Tagapagligtas na tumigil sa pag-ihip ang hangin at pumayapa ang mga alon. Tumigil ang hangin, at pumayapa ang dagat.

*Lucas 8:24*



Tinanong ni Jesus ang mga disipulo kung bakit sila natakot. Sinabi Niya na dagdagan nila ang kanilang pananampalataya. Inisip nila kung anong klaseng tao ang kayang utusan kahit hangin at dagat.

*Marcos 4:40; Lucas 8:25*




KABANATA 22

# Ang Lalaking Sinaniban ng Masasamang Espiritu




Isang lalaking nakatira sa sementeryo sa may Dagat ng Galilea ang sinaniban ng masamang espiritu kaya ito nagwawala. Ikinadena siya ng mga tao para pigilan siya, pero pinatid niya ang kadena.

*Marcos 5:1–4*



Ginugol ng lalaki ang buong maghapon at magdamag sa kabundukan at mga kuweba. Lagi siyang sumisigaw at sinusugatan ng mga bato ang sarili.

*Marcos 5:5*



Isang araw tumawid ng Dagat ng Galilea si Jesus at ang Kanyang mga disipulo sakay ng bangka. Nang umibis ng bangka ang Tagapagligtas, patakbong sinalubong Siya ng lalaki.

*Marcos 5:1–2, 6*



Sinabihan ni Jesus ang masamang espiritu na lumabas sa lalaki. Alam ng masamang espiritu na si Jesus ang Anak ng Diyos. Hiniling nito kay Jesus na huwag siyang saktan.

*Marcos 5:7–8*



Nang itanong ng Tagapagligtas ang pangalan ng masamang espiritu, sabi nito, “Pulutong ang pangalan ko,” na ibig sabihi’y marami. Maraming masamang espiritung sumanib sa lalaki. Hiniling nila kay Jesus na hayaan silang makapasok sa katawan ng ilang baboy sa malapit.

*Marcos 5:9–12*



Pumayag si Jesus. Nilisan ng masasamang espiritu ang lalaki at pumasok sa katawan ng mga 2,000 baboy. Nagtakbuhan ang mga baboy pababa ng burol papunta sa dagat at nangalunod.

*Marcos 5:13*



Tumakbo sa bayan ang lalaking nag-aalaga sa mga baboy at ikinuwento sa mga tao ang nangyari. Nagpunta ang mga tao at nakita si Jesus at ang lalaking nagwawala. Pero hindi na nagwawala ang lalaki.

*Marcos 5:14–15*



Dahil dito natakot ang mga tao kay Jesus. Pinaalis nila Siya. Bumalik Siya sa bangka.

*Marcos 5:15–18*



Gustong sumama sa Kanya ng lalaking gumaling. Sa halip ay pinauwi siya ng Tagapagligtas para ikuwento sa kanyang mga kaibigan ang nangyari sa kanya.

*Marcos 5:18–19*



Nagkuwento ang lalaki sa kanyang mga kaibigan, at namangha sila sa dakilang kapangyarihan ni Jesus.

*Marcos 5:20*




KABANATA 23

# Ang Lalaking Hindi Makalakad



Isang araw tinuturuan ni Jesus ang isang grupo ng mga tao sa isang bahay.

*Lucas 5:17*



Dinala ng ilang lalaki ang kaibigan nila sa isang higaan para makita si Jesus. Hindi makalakad ang kaibigan nila. Hindi siya maipasok ng mga lalaki sa bahay dahil sa dami ng tao.

*Lucas 5:18–19*




Iniakyat ng mga lalaki ang kaibigan nila sa bubong. Tinuklap nila ang bahagi ng bubong at ibinaba ang kaibigan nila sa loob ng bahay.

*Marcos 2:4; Lucas 5:19*



Nang makita Niya ang malaking pananampalataya ng mga lalaking ito, sinabi ni Jesus sa lalaking maysakit na pinatatawad na ang kanyang mga kasalanan. Sinabihan Niya ito na damputin ang kanyang higaan at umuwi na. Tumayo ang lalaki. Napagaling siya. Dinampot niya ang kanyang higaan at lumakad pauwi. Napakalaki ng pasasalamat niya sa Diyos.

*Lucas 5:20, 24–25*



KABANATA 24

# Ibinangon ang Anak na Babae ni Jairo mula sa mga Patay



Isang araw nagpatirapa si Jairo, isang pinuno ng sinagoga, sa paanan ng Tagapagligtas.

*Marcos 5:21–22*



Sabi ni Jairo, malubha ang sakit ng kanyang 12-taong-gulang na anak na babae. Nagsumamo siya kay Jesus na pumunta at basbasan ito. Naniwala siya na mapapagaling ito ni Jesus.

*Marcos 5:23, 42*



Sinundan ni Jesus si Jairo pauwi, pero tumigil Siya para pagalingin ang isang babae. Habang kausap Niya ito, may lumapit kay Jairo para sabihing huli na ang lahat—patay na ang kanyang anak.

*Marcos 5:24–35*



Narinig ito ni Jesus. Sinabi Niya kay Jairo na huwag matakot kundi sumampalataya sa Kanya.

*Marcos 5:36*




Sumama si Jesus kay Jairo sa bahay nito. Punung-puno ang bahay ng mga taong nag-iiyakan dahil sa pagkamatay ng batang babae.

*Marcos 5:37–38*



Sinabi sa kanila ni Jesus na hindi patay ang bata kundi natutulog. Pinagtawanan Siya ng mga tao. Sigurado silang patay na ang bata.

*Marcos 5:39–40*




Pinalabas ng bahay ng Tagapagligtas ang lahat maliban sa Kanyang mga disipulo, kay Jairo, at sa maybahay ni Jairo. Nagpunta sila sa silid na kinaroroonan ng batang babae.

*Marcos 5:40*



Hinawakan ni Jesus sa kamay ang bata. Pinatayo Niya ito. Tumayo ito at lumakad. Namangha ang mga magulang nito. Sinabihan sila ni Jesus na huwag ikuwento kaninuman ang nangyari. Pagkatapos ay sinabi Niya sa mga magulang na pakainin ang bata.

*Marcos 5:41–43*



KABANATA 25

# Hinipo ng Isang Babae ang Damit ni Jesus



May isang babaeng 12 taon nang malubha ang sakit. Maraming doktor na ang napuntahan niya, pero hindi siya natulungan.

*Marcos 5:25–26*



Isang araw nakita nito si Jesus na napapaligiran ng maraming tao. Naniwala siyang gagaling siya mahipo lang niya ang Kanyang damit. Sumiksik siya sa mga tao at hinipo ang Kanyang damit.

*Mateo 9:20–22; Marcos 5:27–28*



Agad siyang gumaling. Lumingon si Jesus at nagtanong, “Sino ang humipo ng aking mga damit?”

*Marcos 5:29–30*



Natakot ang babae. Lumuhod siya sa harap ng Tagapagligtas at sinabing siya ang humipo sa Kanya. Sinabi sa kanya ni Jesus na pinagaling siya ng pananampalataya niya sa Kanya.

*Marcos 5:33–34*




KABANATA 26

# Pinatawad ni Jesus ang Isang Babae



Hiniling ng isang Fariseo sa Tagapagligtas na pumunta sa bahay niya at saluhan siya sa pagkain.

*Lucas 7:36*




May isang babaeng makasalanan na nakatira sa bayan. Alam niyang kumakain si Jesus sa bahay ng Fariseo. Gusto niyang gawan ng espesyal na bagay si Jesus.

*Lucas 7:37*




Lumuhod siya at hinugasan ng kanyang mga luha ang mga paa ng Tagapagligtas. Pagkatapos ay pinunasan niya ng kanyang buhok ang Kanyang mga paa at hinagkan ito. Pinahiran niya rin ito ng mabangong langis. Alam ng Fariseo na makasalanan ang babae. Inisip niya na hindi dapat pahipo si Jesus sa babae.

*Lucas 7:38–39*



Alam ng Tagapagligtas ang iniisip ng Fariseo. Sinabi Niya sa Fariseo na mas marami pang nagawa para sa Kanya ang babae kaysa sa Fariseo. Hindi binigyan ng Fariseo ng tubig si Jesus para hugasan ang Kanyang mga paa o langis para sa Kanyang ulo, tulad ng madalas gawin sa mga panauhin.

*Lucas 7:44–46*




Sinabi ni Jesus sa Fariseo na pinatawad na ang mga kasalanan ng babae dahil minahal nito ang Tagapagligtas at sumampalataya ito sa Kanya. Sinabi ni Jesus sa babae na payapang humayo.

*Lucas 7:47–50; Doktrina at mga Tipan 58:42–43;*
Jesus the Christ, *262–63*



KABANATA 27

# Ginagawa ang Gawain ng Kanyang Ama sa Daigdig




Sa isang pista ng mga Judio, nagpunta ang Tagapagligtas sa tangke ng Betesda sa Jerusalem. Akala ng mga tao kapag gumalaw ang tubig sa tangke, gagaling ang unang taong lumusong sa tubig.

*Juan 5:1–4*



Nakita ni Jesus ang isang lalaki malapit sa tangke na 38 taon nang hindi makalakad. Araw ng Sabbath iyon. Tinanong ni Jesus ang lalaki kung gusto nitong gumaling. Sabi ng lalaki hindi siya gumagaling dahil hindi siya makaunang lumusong sa tubig kahit kailan.

*Juan 5:5–7*



Sabi ni Jesus sa lalaki, "Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka." Agad gumaling ang lalaki.

*Juan 5:8–9*



Maraming Judiong naniniwala na kasalanang gumawa ng himala sa araw ng Sabbath. Gusto nilang patayin si Jesus.

*Juan 5:10–16*



Sumagot si Jesus na ginawa lang Niya sa araw ng Sabbath ang gagawin ng Kanyang Ama.

*Juan 5:17*




KABANATA 28

# Pinakain ni Jesus ang 5,000 Tao




Sinabi ng ilang kaibigan ni Juan Bautista kay Jesus na pinatay ng hari si Juan.

*Mateo 14:1–12*



Nang mabalitaan ito ni Jesus, nagpunta Siya sa isang lugar malapit sa Dagat ng Galilea para mapag-isa. Maraming taong nakakaalam kung nasaan Siya. Mahigit 5,000 tao ang sumunod sa Kanya roon sa pag-asang tuturuan Niya sila.

*Mateo 14:13; Marcos 6:44*



Tinuruan sila ni Jesus ng maraming bagay. Oras na para kumain, pero walang makain ang karamihan sa mga tao. Gusto ng mga disipulo na pabilhin ni Jesus ng pagkain ang mga tao sa pinakamalalapit na nayon.

*Marcos 6:34–36*



Sinabi ni Jesus sa mga disipulo na tingnan kung may nagdala ng pagkain. Nakita nila ang isang batang lalaking may limang tinapay at dalawang maliliit na isda.

*Marcos 6:37–38; Juan 6:9*



Pinaupo ni Jesus ang lahat ng tao. Binasbasan Niya ang tinapay at isda at pinagpira-piraso ang pagkain.

*Marcos 6:39–41*



Ibinigay ng mga disipulo ang pagkain sa mga tao. Sumobra pa ito para sa lahat.

*Marcos 6:41–44*




KABANATA 29

# Lumakad si Jesus sa Tubig



Matapos pakainin ang 5,000, umakyat si Jesus sa isang bundok para manalangin. Tinawid ng Kanyang mga disipulo ang Dagat ng Galilea sakay ng bangka. Pagsapit ng gabi, nagsimulang umihip ang hangin, at tumaas ang mga alon.

*Mateo 14:22–24*



Kinahatinggabihan, pumaroon si Jesus para sumama sa Kanyang mga disipulo. Naglakad Siya sa tubig para makarating sa bangka.

*Mateo 14:25*



Nakita Siya ng mga disipulo na naglalakad sa tubig. Natakot sila. Akala nila isa Siyang multo. Nagsalita sa kanila si Jesus, "Ako nga; huwag kayong mangatakot."

*Mateo 14:26–27*



Gusto ring lumakad ni Pedro sa tubig. Pinapunta ni Jesus si Pedro sa Kanya. Bumaba ng bangka si Pedro. Naglakad siya sa tubig papunta sa Tagapagligtas.

*Mateo 14:28–29*




Dahil malakas ang ihip ng hangin, natakot si Pedro. Nagsimula siyang lumubog sa tubig at isinigaw niya kay Jesus na iligtas siya.

*Mateo 14:30*



Hinawakan ng Tagapagligtas ang kamay ni Pedro. Tinanong Niya si Pedro kung bakit kaunti ang pananampalataya niya.

*Mateo 14:31*



Pagdating nina Jesus at Pedro sa bangka, tumigil ang bagyo. Sinamba ng lahat ng disipulo ang Tagapagligtas. Nalaman nila na Siya ang Anak ng Diyos.

*Mateo 14:32–33*

KABANATA 30

# Ang Tinapay ng Buhay



Kinabukasan maraming taong nagtangkang hanapin si Jesus. Sinundan nila Siya sa Capernaum sakay ng mga bangka.

*Juan 6:22, 24*



Alam ni Jesus na gusto nilang pakainin Niya sila ulit.

*Juan 6:26*



Itinuro sa kanila ni Jesus na panandalian lang silang mabubuhay sa pagkain ng tinapay. Sabi Niya may isa pang uri ng tinapay silang dapat hanapin—ang Tinapay ng Buhay. Sinabi Niya sa kanila na Siya ang Tinapay ng Buhay.

*Juan 6:27, 32–35*




Itinuro ni Jesus sa mga tao na isasakripisyo Niya ang Kanyang buhay para sa kanila. Sabi Niya kung susunod sila at maniniwala sa Kanya, magtatamo sila ng buhay na walang hanggan.

*Juan 6:47–51*




K A B A N A T A   3 1

# Pinagaling ni Jesus ang Bingi




Dinala ng ilang tao ang isang lalaki kay Jesus. Bingi ang lalaki at hindi makapagsalitang mabuti. Gusto ng mga tao na pagalingin ito ng Tagapagligtas.

*Marcos 7:32*



Inilayo ni Jesus ang lalaki sa iba. Inilagay Niya ang Kanyang mga daliri sa mga tainga ng lalaki. Hinipo Niya ang dila ng lalaki at binasbasan ito.

*Marcos 7:33–34*



Nakarinig at nakapagsalita na ang lalaki. Naintindihan na siya ng mga tao. Hiniling ni Jesus sa mga tao na huwag sabihin kaninuman ang nangyari, pero ikinuwento nila ito sa lahat.

*Marcos 7:35–36*



KABANATA 32

# Pinatotohanan ni Pedro si Cristo



Tinanong ni Jesus sa Kanyang mga disipulo kung sino Siya sa akala ng mga tao.

*Mateo 16:13; Marcos 8:27; Lucas 9:18*



Sumagot ang mga disipulo na inaakala ng ilang tao na si Jesus ay si Juan Bautista. Akala ng iba ay Siya ang propeta sa Lumang tipan na nagbalik mula sa mga patay.

*Mateo 16:14; Marcos 8:28; Lucas 9:19*




Tinanong ni Jesus sa Kanyang mga disipulo kung sino Siya sa akala nila. Sabi ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay."

*Mateo 16:15–16; Marcos 8:29; Lucas 9:20*



Ipinaliwanag ni Jesus na ang patotoo ni Pedro ay hindi nagmula sa talino ng tao. Ang kanyang patotoo ay nagmula sa paghahayag ng Diyos.

*Mateo 16:17*



Nangako si Jesus kay Pedro na bibigyan Niya siya ng priesthood at awtoridad na mamuno sa Kanyang Simbahan. Pagkatapos ay magkakaroon ng awtoridad si Pedro at ang mga disipulo na itatag ang Simbahan ni Jesus sa daigdig.

*Mateo 16:18–19*



Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na huwag munang sabihin kaninuman na Siya ang Cristo. Una kailangan Niyang magdusa, mamatay, at bumangon mula sa mga patay sa ikatlong araw.

*Mateo 16:20; Marcos 8:30–31; Lucas 9:21–22*



KABANATA 33

# Pagpapakita nang may Kaluwalhatian: Ang Pagbabagong-anyo



Isinama ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan sa ituktok ng mataas na bundok para manalangin.

*Mateo 17:1; Marcos 9:2; Lucas 9:28*



Habang nagdarasal si Jesus, suma-Kanya ang kaluwalhatian ng Diyos. Nagningning ang Kanyang mukha katulad ng araw. Dalawang propeta sa Lumang Tipan na nagngangalang Moises at Elias ang nagpakita sa Kanya. Nag-usap sila tungkol sa Kanyang pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli.

*Mateo 17:2–3; Marcos 9:3–4; Lucas 9:29–31 (tingnan sa footnote 31a)*



Habang nagdarasal si Jesus, nakatulog ang mga Apostol.

*Lucas 9:32*



Pagkagising nila, nakita nila ang kaluwalhatian nina Jesucristo, Moises, at Elias. Narinig nila ang tinig ng Ama sa Langit na nagpapatotoo, "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan; siya ang inyong pakinggan."

*Mateo 17:5; Marcos 9:7; Lucas 9:32, 35*



Natakot ang mga Apostol at nagpatirapa. Hinipo sila ni Jesus at sinabihan silang huwag matakot. Nang mag-angat sila ng tingin, wala na ang mga sugo ng langit. Sinabi ni Jesus sa mga Apostol na huwag sabihin kaninuman ang nakita nila hanggang sa mamatay Siya at mabuhay na mag-uli.

*Mateo 17:6–9; Marcos 9:8–9*




KABANATA 34

# Ang Batang Lalaking Sinaniban ng Masamang Espiritu



Isang araw hiniling ng isang lalaki sa Tagapagligtas na tulungan ang kanyang anak. Sinaniban ng masamang espiritu ang bata. Sinubukan nang pagalingin ng mga disipulo ang kanyang anak, pero hindi nila kaya.

*Marcos 9:14–18*




Sinabi ni Jesus sa lalaki na dalhin ang bata sa Kanya. Pagdating ng bata, inilugmok ito ng masamang espiritu sa lupa.

*Marcos 9:19–20*



Tinanong ng Tagapagligtas kung gaano katagal nang nakasanib ang masamang espiritu sa bata. Sabi ng ama sinaniban na ito mula pagkabata.

*Marcos 9:21*



Sabi ni Jesus mapapagaling Niya ang bata kung may pananampalataya ang ama. Nagsimulang umiyak ang ama. Sinabi niyang may pananampalataya siya. Pero nagpatulong siya kay Jesus na maragdagan ang kanyang pananampalataya.

*Marcos 9:23–24*



Inutusan ni Jesus ang masamang espiritu na lumabas sa bata at huwag na huwag nang babalik. Nagalit ang masamang espiritu. Sinaktan niyang muli ang bata. Pagkatapos ay sinunod nito si Jesus at lumisan.

*Marcos 9:25–26*




Napakatahimik ng bata kaya maraming taong nagsabi na patay na ito. Pero hinawakan siya ni Jesus sa kamay at tinulungan siyang tumayo. Gumaling ang bata. Wala na ang masamang espiritu.

*Marcos 9:26–27*



Kalaunan tinanong ng mga disipulo si Jesus kung bakit hindi nila napalabas ang masamang espiritu sa bata. Sinabi sa kanila ni Jesus na kung minsan ay kailangan nilang mag-ayuno at manalangin para mapagaling ang isang tao.

*Mateo 17:20–21; Marcos 9:28–29*



KABANATA 35

# Ang Mabuting Samaritano



Maraming inilahad na kuwento, o talinghaga si Jesus para ituro sa mga tao ang katotohanan.




Isang araw isang pinuno ng mga Judio ang nagtanong kay Jesus kung ano ang dapat niyang gawin para magtamo ng buhay na walang hanggan. Tinanong siya ng Tagapagligtas kung ano ang nakasaad sa mga banal na kasulatan. Sinabi ng pinuno na dapat mahalin ng tao ang Diyos at mahalin din ang kanyang kapwa. Sinabi ni Jesus na tama siya. Pagkatapos ay tinanong ng pinuno, "Sino ang aking kapuwa tao?"

*Lucas 10:25–29*



Sinagot ni Jesus ang lalaki sa pamamagitan ng kuwento. Isang araw isang lalaking Judio ang naglalakad sa kalsada sa bayan ng Jerico. Ninakawan siya at binugbog ng mga magnanakaw. Halos patay na nang iwan nila ang lalaki sa kalsada.

*Lucas 10:30*



Di naglaon dumaan ang isang saserdoteng Judio at nakita ang lalaki. Sa kabilang panig ng kalsada dumaan ang saserdote. Hindi niya tinulungan ang lalaki.

*Lucas 10:31*



Isa pang lalaking Judio na nagtatrabaho sa templo ang naparaan. Nakita niya ang sugatang lalaki. Pero hindi rin niya tinulungan ang lalaki at sa kabilang panig ng kalsada dumaan.

*Lucas 10:32*



Pagkatapos ay dumaan ang isang lalaking Samaritano. Hindi magkasundo ang mga Judio at Samaritano. Pero nang makita ng Samaritano ang lalaki, naawa siya rito. Ginamot niya ang mga sugat ng lalaki at dinamitan ito.

*Lucas 10:33–34; Juan 4:9; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Samaritano, Mga," 224*



Dinala ng Samaritano ang lalaki sa isang bahay-tuluyan at inalagaan ito hanggang kinabukasan. Nang paalis na ang Samaritano, binigyan niya ng pera ang bantay sa bahay-tuluyan at pinaalagaan dito ang lalaki.

*Lucas 10:34–35*



Matapos itong ikuwento ni Jesus, tinanong Niya sa pinunong Judio kung sino sa tatlong lalaki ang nakipagkapwa-tao sa sugatang lalaki.

*Lucas 10:36*



Sinabi ng pinuno na ang Samaritano dahil tinulungan nito ang lalaki. Sinabi ni Jesus sa pinunong Judio na tularan ang Samaritano.

*Lucas 10:37*



KABANATA 36

# Nagkuwento si Jesus ng Tatlong Talinghaga



Isang araw kumakain at nakikipag-usap si Jesus sa mga tao na inisip ng marami na makasalanan. Nakita Siya ng ilang Fariseo.

*Lucas 15:1–2*



Naniniwala ang mga Fariseo na hindi dapat nakikipag-usap ang mabubuting tao sa mga makasalanan. Inisip nilang hindi mabuting tao si Jesus dahil kinakausap niya ang mga makasalanan.

*Lucas 15:2*



Gusto ng Tagapagligtas na ipaintindi sa mga Fariseo kung bakit kasama Niya ang mga makasalanan. Nagkuwento Siya sa kanila ng tatlong talinghaga. Ang una ay tungkol sa nawawalang tupa.

*Lucas 15:3;* Teachings of the Prophet Joseph Smith, *277*




ANG UNANG TALINGHAGA

# Ang Nawawalang Tupa




May 100 tupa ang isang mabuting pastol. Isa sa mga ito ang nawala.

*Lucas 15:4*



Iniwan ng pastol ang 99 na tupa para hanapin ang nawawala. Nang matagpuan niya ito, masayang-masaya siya.

*Lucas 15:4–5*



Pinasan ng pastol ang tupa pauwi. Pinapunta niya ang lahat ng kaibigan at kapitbahay niya para magdiwang. Natagpuan niya ang nawalang tupa.

*Lucas 15:5–6*




Sinabi ni Jesucristo sa mga Fariseo ang kahulugan ng talinghaga. Sinabi Niya na yaong mga nagkakasala ay gaya ng nawawalang tupa.

*Lucas 15:7*




Tulad ng pastol na gustong iligtas ang nawawalang tupa, gusto rin ni Jesus na iligtas ang mga nagkakasala.

*Marcos 2:17*



Sinabi ni Jesus na ito ang dahilan kaya Niya kinakausap ang mga makasalanan.

*Mateo 18:11 (tingnan sa footnote 11c); Marcos 2:17*



At tulad ng pastol na masayang-masaya nang matagpuan ang nawawalang tupa, masayang-masaya rin si Jesus kapag nagsisisi tayo.

*Lucas 15:6–7*




ANG IKALAWANG TALINGHAGA

# Ang Nawawalang Barya



May 10 baryang pilak ang isang babae. Nawala niya ang isa sa mga barya. Hinanap niya ito sa buong bahay.

*Lucas 15:8*



Sa wakas ay natagpuan niya ang barya. Masayang-masaya siya. Tinawag niya ang kanyang mga kaibigan at kapitbahay para sabihin ito sa kanila. Sila man ay masaya na natagpuan na niya ang nawawalang barya.

*Lucas 15:9*



Ang mga pinuno at miyembro ng Simbahan ay gaya ng babae sa kuwento; ang nawawalang barya ay gaya ng isang miyembro ng Simbahan na hindi na nagsisimba o hindi na sinisikap sundin ang mga utos. Parang nawala na sila sa Simbahan. Gusto ni Jesucristo na hanapin ng mga miyembro ng Simbahan ang sinumang nawawalang kapatid at tulungan silang bumalik sa Kanya. Masayang-masaya Siya kapag nangyayari ito.

Jesus the Christ, *455–56*



Ang mga kaibigan at kapitbahay sa kuwento ay parang mga anghel ng Diyos. Masayang-masaya ang mga anghel kapag nagsisisi ang isang tao.

*Lucas 15:10*



ANG IKATLONG TALINGHAGA

# Ang Nawawalang Anak na Lalaki



May dalawang anak na lalaki ang isang lalaki. Nangako ang lalaki na ipapamana sa kanila ang pera niya kapag namatay siya. Ayaw maghintay ng bunso. Hiningi niya sa kanyang ama ang perang parte niya. Ibinigay ito ng kanyang ama sa kanya.

*Lucas 15:11–12*




Kinuha ng anak ang pera at umalis. Nagpunta siya sa ibang lupain. Paulit-ulit na nagkasala ang anak. Ginastos niya ang lahat ng pera.

*Lucas 15:13*



Sa huli wala nang pambili ng pagkain ang anak. Gutom na gutom na siya. Humingi siya ng tulong sa isang lalaki. Inupahan siya ng lalaki para magpakain ng mga baboy.

*Lucas 15:14–15*



Sa laking gutom ng anak gusto na niyang kumain ng kaning-baboy. Alam niya na mas masarap ang pagkain ng mga alipin sa bahay ng kanyang ama kaysa sa kanya.

*Lucas 15:16–17*



Ipinasiya niyang magsisi at magpa-alila sa bahay ng kanyang ama. Pag-uwi ng anak, nakita ng kanyang ama na dumarating siya.

*Lucas 15:18–20*



Patakbong sumalubong ang ama sa kanyang anak. Niyakap niya ito at hinagkan.

*Lucas 15:20*




Sinabi ng anak sa kanyang ama na siya ay nagkasala. Nadama niyang hindi siya karapat-dapat na tawaging anak ng kanyang ama.

*Lucas 15:21*




Sinabi ng ama sa isang alipin na magdala ng magagandang damit at isuot ito sa anak. Sinapatusan ng alipin ang anak at sinuotan ng singsing ang daliri nito.

*Lucas 15:22*



Pinaghanda ng ama ang alipin ng masaganang pagkain. Gusto niyang magdiwang ang lahat. Ang anak na nagkasala ay nagsisi at umuwi.

*Lucas 15:23–24*



Nagtatrabaho sa bukid ang panganay na anak. Pag-uwi nito, nakarinig siya ng tugtugan at sayawan. Sinabi sa kanya ng alipin na umuwi na ang bunso niyang kapatid. Gusto ng kanyang ama na magdiwang ang lahat.

*Lucas 15:25–27*



Nagalit ang panganay at ayaw pumasok sa bahay. Lumabas ang kanyang ama at kinausap siya.

*Lucas 15:28*



Nagpasalamat ang ama na nanatili sa piling niya ang panganay na anak. Lahat ng sa ama ay mapapasakanya. Sinabi rin ng ama na tama lang na magdiwang. Masaya siya na nagsisi na ang kanyang bunsong anak at umuwi.

*Lucas 15:31–32*



Ikinuwento ni Jesus sa mga Fariseo ang tatlong talinghaga dahil gusto Niyang malaman nila kung gaano kamahal ng Ama sa Langit ang lahat. Mahal Niya ang mga taong sumusunod sa Kanya. Mahal din Niya ang mga makasalanan, pero hindi sila pagpapalain ng Ama sa Langit hangga't hindi sila nagsisisi. Gusto Niyang magsisi ang mga makasalanan at bumalik sa Kanya. At gusto Niyang tulungan natin silang gawin iyon at maging masaya tayo pagbalik nila.

*Juan 3:16–17*



KABANATA 37

# Ang Sampung Ketongin



Nagpunta si Jesus sa isang munting bayan kung saan Niya nakita ang sampung ketongin. Ang mga ketongin ay mga taong maysakit. Ang sakit nila ang dahilan kaya sugat-sugat ang buong katawan nila.

*Lucas 17:12*



Hindi matulungan ng mga doktor ang mga ketongin. Takot lumapit sa kanila ang mga tao. Ayaw nilang mahawa sa sakit.

*Lucas 17:12*




Hiniling ng mga ketongin na pagalingin sila ni Jesus. Alam nila na mapapagaling Niya ang kanilang mga sugat.

*Lucas 17:13*



Gusto silang pagalingin ni Jesus. Sinabi Niya sa kanila na humayo at ipakita ang kanilang sarili sa mga saserdote.

*Lucas 17:14*



Sa daan papunta sa mga saserdote, gumaling ang sampung ketongin. Naglaho ang kanilang mga sugat.

*Lucas 17:14*



Alam ng isa sa mga ketongin na pinagaling sila ni Jesus. Bumalik siya para pasalamatan Siya. Tinanong ni Jesus kung nasaan ang siyam pang ketongin. Hindi sila nagsibalik. Sinabi ni Jesus sa ketonging nagpasalamat sa Kanya na ang pananampalataya nito ang nagpagaling sa kanya.

*Lucas 17:15–19*



K A B A N A T A 3 8

# Ang Fariseo at ang Publikano



Isang araw kinausap ng Tagapagligtas ang ilang taong nag-aakala na mas mabuting tao sila kaysa iba. May ikinuwento sa kanila si Jesus.

*Lucas 18:9*



Dalawang lalaki ang nagpunta sa templo para manalangin. Ang isa ay Fariseo. Ang isa naman ay publikano, na maniningil ng buwis. Ayaw ng mga tao sa mga maniningil ng buwis. Inisip nilang hindi tapat ang mga maniningil ng buwis.

*Lucas 18:10*




Tumayo ang Fariseo sa harap ng iba para manalangin. Pinasalamatan niya ang Diyos na mas mabuti siya kaysa iba. Sinabi niya na dalawang beses siyang nag-aayuno bawat linggo at nagbabayad ng kanyang ikapu. Tumayo sa malayo ang publikano, yumuko, at nanalangin, “Dios, ikaw ay mahabag sa akin, na isang makasalanan.”

*Lucas 18:11–13*



Akala ng Fariseo perpekto siya at hindi niya kailangan ang tulong ng Diyos. Pero alam ng publikano na hindi siya perpekto at kailangan niya ang tulong ng Diyos. Mapagkumbaba siya at humingi ng tawad sa Diyos.

*Lucas 18:14*




Sabi ni Jesus dapat tularan ng mga tao ang publikano. Hindi nila dapat isipin na mas mabuti sila kaysa ibang tao. Dapat silang magsisi sa kanilang mga kasalanan at humingi ng tawad sa Diyos.

*Lucas 18:14*




KABANATA 39

# Pinagaling ni Jesus ang Bulag



Isang araw naglalakad si Jesus kasama ang Kanyang mga disipulo. Nakita nila ang isang lalaking isinilang na bulag. Tinanong ng mga disipulo kung nabulag ang lalaki dahil nagkasala siya o dahil nagkasala ang mga magulang niya.

*Juan 9:1–2*



Sabi ng Tagapagligtas hindi nagkasala ang mga magulang ni ang lalaki. Bulag ang lalaki para mapagaling siya ni Jesus at maipakita sa mga tao ang kapangyarihan ng Diyos.

*Juan 9:3–5*



Gumawa ng putik si Jesus mula sa lupa. Inilagay niya ito sa mga mata ng bulag. Pinahugasan ni Jesus sa lalaki ang mga mata nito.

*Juan 9:6–7*



Pagkahugas ng lalaki ng putik mula sa kanyang mga mata, nakakita na siya!

*Juan 9:7*




Nang makita siya ng kanyang mga kapitbahay, hindi nila siya makilala. Sinabi niya sa kanila na pinagaling siya ni Jesus. Dinala ng mga kapitbahay ang lalaki sa mga Fariseo. Sinabi ng lalaki sa mga Fariseo na pinagaling siya ni Jesus.

*Juan 9:8–11*



Inisip ng ilan sa mga Fariseo na mabuting tao si Jesus. Inisip ng iba na Siya ay makasalanan. Nang sabihin ng lalaki na mabuting tao si Jesus, nagalit ang ilan sa mga Fariseo at pinalayas ang lalaki.

*Juan 9:13–16, 30–34*



Natagpuan ni Jesus ang lalaki. Tinanong Niya ang lalaki kung naniniwala ito sa Anak ng Diyos. Tinanong ng lalaki kung sino ang Anak ng Diyos. Sinabi ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos, at sinamba Siya ng lalaki.

*Juan 9:35–38*




KABANATA 40

# Ang Mabuting Pastol




Ang pastol ay nag-aalaga ng mga tupa. Tinutulungan niya silang humanap ng pagkain at tubig. Hindi niya hinahayaang masaktan o mawala sila. Kilala at mahal niya sila at ibubuwis ang kanyang buhay para iligtas sila.

*Juan 10:11–15*




Tinawag ni Jesucristo ang Kanyang Sarili na Mabuting Pastol. Siya ang ating pastol. Tayo ang Kanyang mga tupa. Mahal Niya tayo. Tinutulungan Niya tayong malaman ang katotohanan. Tinuturuan Niya tayo kung paano mamuhay para makabalik tayo sa Ama sa Langit. Ibinuwis Niya ang Kanyang buhay para sa atin.

*Juan 10:11–15*



Sinabi ng Tagapagligtas sa mga tao sa Jerusalem na may iba pa Siyang mga tupa. Sinabi Niya na dadalawin Niya ang mga tupang ito. Hindi iyon naintindihan ng mga tao.

*Juan 10:16; 3 Nephi 15:21–22, 24*



Matapos mabuhay na mag-uli si Jesus, binisita Niya ang Kanyang mga tupa sa Amerika. Nakalahad sa Aklat ni Mormon ang pagbisita Niya roon. Nanatili si Jesus nang maraming araw, na pinagagaling ang maysakit at binabasbasan ang mga tao. Binigyan Niya sila ng priesthood at inorganisa ang Kanyang Simbahan. Itinuro ni Jesus sa mga taong ito ang mga bagay na itinuro Niya sa mga tao sa Jerusalem.

*3 Nephi 11–28*



KABANATA 41

# Binasbasan ni Jesus ang mga Bata



Papunta si Jesus sa Jerusalem. Sa daan gustong pabasbasan ng ilang tao kay Jesus ang kanilang mga anak. Sinabi ng mga disipulo sa mga tao na huwag abalahin si Jesus.

*Marcos 10:13*



Pero mahal ni Jesucristo ang mga bata. Sinabi Niya sa mga disipulo na hayaang lumapit sa Kanya ang mga bata. Sinabi rin ni Jesus sa mga disipulo na dapat silang maging katulad ng mga batang musmos. Sa gayo'y makakapiling nila ang Diyos sa langit.

*Marcos 10:14–15*



KABANATA 42

# Ang Mayamang Binata



Isang araw isang mayamang binata ang lumapit kay Jesus at tinanong Siya kung ano ang dapat niyang gawin para makarating sa langit.

*Marcos 10:17*



Sinabi ng Tagapagligtas sa kanya na mahalin at igalang ang kanyang ama't ina at huwag pumatay ng sinuman o magsinungaling o magnakaw. Sinabi ng mayamang binata na sinusunod niyang lagi ang mga utos.

*Marcos 10:19–20*



Sinabi ni Jesus sa binata na may kailangan pa siyang gawin. Kailangan niyang ibenta ang lahat ng ari-arian niya at ibigay ang pera sa mahihirap. Pagkatapos ay dapat sumunod sa Kanya ang binata.

*Marcos 10:21*



Ayaw ipamigay ng mayamang binata ang lahat ng ari-arian niya. Mas mahal niya ang mga bagay na pag-aari niya kaysa sa Diyos. Nanlulumong lumisan ang binata.

*Marcos 10:22*



Sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo na mahirap makarating sa langit ang mga mapagmahal sa kayamanan. Hindi iyon maintindihan ng mga disipulo. Tinanong nila kung sino ang makakapamuhay sa piling ng Diyos. Sinabi ni Jesus na ang mga taong nagtitiwala sa Diyos at nagmamahal sa Kanya nang higit kaysa anupaman ay makakapamuhay sa piling Niya sa langit.

*Marcos 10:23–30 (tingnan sa footnote 27*a*)*



KABANATA 43

# Muling Binuhay ni Jesus si Lazaro



Isang lalaking nagngangalang Lazaro ang nakatira sa Betania kasama ang mga kapatid niyang sina Maria at Marta. Mahal ni Jesus si Lazaro at ang kanyang mga kapatid, at mahal nila si Jesus.

*Juan 11:1–2, 5*



Nagkasakit nang malubha si Lazaro. Nasa ibang bayan noon ang Tagapagligtas. Nagpadala ng mensahe sina Maria at Marta sa Kanya na maysakit si Lazaro.

*Juan 11:3*



Pinasama ng Tagapagligtas ang Kanyang mga disipulo sa Kanya para tulungan si Lazaro. Takot magpunta sa Betania ang mga disipulo. Malapit iyon sa Jerusalem. May ilang tao sa Jerusalem na gustong patayin si Jesus.

*Juan 11:6–8, 18*



Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na patay na si Lazaro. Sabi Niya bubuhayin Niya itong muli. Makakatulong ang himalang ito na malaman ng mga disipulo na Siya ang Tagapagligtas. Nagpunta si Jesus sa Betania. Pagdating Niya roon, apat na araw nang patay si Lazaro.

*Juan 11:11–17, 19*



Sinabi ni Marta kay Jesus na buhay pa sana si Lazaro kung napaaga Siya ng dating. Sabi ni Jesus muling mabubuhay si Lazaro. Tinanong Niya si Marta kung naniniwala siya sa Kanya. Sinabi ni Marta na oo. Alam niya na si Jesus ang Tagapagligtas.

*Juan 11:20–27*




Iniwan ni Marta si Jesus para sunduin ang kapatid niyang si Maria. Sinalubong din ni Maria si Jesus. Maraming taong sumunod sa kanya. Lumuhod si Maria, na umiiyak, sa paanan ng Tagapagligtas. Umiiyak din ang mga kasama niya. Tinanong ni Jesus kung nasaan ang katawan ni Lazaro.

*Juan 11:28–34*



Nagpunta si Jesus sa kuwebang pinaglibingan kay Lazaro. May malaking batong nakatakip sa harap nito. Ipinaalis Niya sa mga tao ang bato.

*Juan 11:38–39*



Tumingin sa langit si Jesus. Pinasalamatan Niya ang Ama sa Langit sa pagdinig sa Kanyang mga dalangin.

*Juan 11:41–42*



Pagkatapos, sa malakas na tinig, pinalabas Niya ng kuweba si Lazaro. Lumabas si Lazaro. Naniwala na ang marami sa mga taong nakakita ng himala na si Jesus ang Tagapagligtas.

*Juan 11:43–45*




KABANATA 44

# Nagpunta ang Tagapagligtas sa Jerusalem



Ikinuwento ng ilang tao sa mga saserdote at Fariseo na binuhay na muli ni Jesus si Lazaro. Inisip ng mga Fariseo na maniniwala ang lahat kay Jesus. Natakot sila na walang makikinig sa kanila.

*Juan 11:46–48*




Nagplano ang mga Fariseo na patayin si Jesus. Hinintay nilang pumunta Siya sa Jerusalem para sa pista ng Paskua.

*Juan 11:49–51, 55–57*



Nagpunta si Jesus sa Jerusalem. Nabalitaan ng marami na darating Siya at sinalubong Siya ng mga ito. Sakay ng buriko si Jesus papasok sa bayan. Isang propeta ang sumulat na gagawin ito ng Anak ng Diyos. Maraming tao ang naniwala na si Jesus ang Anak ng Diyos. Naglatag sila ng mga palaspas at ilang damit nila sa lupa para maraanan Niya. Sumigaw sila ng hosanna at sinabing si Jesus ang kanilang hari.

*Zacarias 9:9; Mateo 21:4–9; Juan 12:1, 12–15*




Nagpuntahan ang mga tao sa Jerusalem para alamin kung ano ang nangyayari. Nagtanong sila kung sino si Jesus. Sinabi sa kanila ng mga tao na Siya ay propeta mula sa Nazaret.

*Mateo 21:10–11*



Nagalit ang mga Fariseo. Ayaw nilang maniwala ang mga tao na si Jesus ang Tagapagligtas. Alam ni Jesus na gusto Siyang patayin ng mga Fariseo.

*Juan 11:53; 12:19, 23*



Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na malapit na Siyang mamatay. Magdurusa Siya para sa mga kasalanan ng lahat ng tao at mamamatay sa krus.

Siya ang Tagapagligtas ng mundo. Ito ang dahilan kaya Siya naparito sa daigdig.

*Juan 12:23–25, 27, 32–33, 47*




KABANATA 45

# Ang mga Lepta ng Balo




Nagpunta si Jesus sa templo sa Jerusalem. Minasdan Niya ang pagbibigay ng pera ng mga tao para sa simbahan. Maraming mayayamang nagbigay ng maraming pera.

*Marcos 12:41*



Nagbigay ang maralitang balo ng dalawang baryang tinatawag na lepta. Kaunting halaga lang iyon, pero iyon lang ang pera niya.

*Marcos 12:42, 44*



Nakita ni Jesus ang balo at sinabi sa mga disipulo ang ginawa nito.

*Marcos 12:43*



Sabi Niya mas malaking pera ang naibigay ng mayayaman kaysa kanya, pero mas marami pa silang maibibigay.

*Marcos 12:43–44*



Wala nang pera ang balo. Ibinigay na niyang lahat. Mas marami siyang ibinigay sa Diyos kaysa lahat ng mayayaman.

*Marcos 12:44*



K A B A N A T A  4 6

# Ang Ikalawang Pagparito



Nasa Bundok ng mga Olivo si Jesus. May ilang bagay na gustong itanong ang mga disipulo kay Jesus. Itinanong nila kung kailan mapupuksa ang masasama. Gusto rin nilang malaman kung kailan muling paparito si Jesus.

*Mateo 24:3; Joseph Smith—Mateo 1:4*



Sinabi sa kanila ni Jesus na bago ang Kanyang Ikalawang Pagparito, sasabihin ng mga huwad na propeta na sila ang Cristo. Maraming taong susunod sa kanila. Pero kung sinusunod ng Kanyang mga alagad ang Kanyang mga salita, hindi sila malilinlang ng mga huwad na propeta. Maliligtas sila.

*Mateo 24:4–5, 24–27; Marcos 13:21–22; Joseph Smith—Mateo 1:21–22, 37*



Sinabi rin ni Jesus na bago Siya muling pumarito, magkakaroon ng maraming digmaan, taggutom, malulubhang sakit, at lindol. Maraming taong titigil sa pagtulong sa iba at magiging masama.

*Doktrina at mga Tipan 45:16, 26–27, 31–32; Joseph Smith—Mateo 1:23, 28–30*



Ang ebanghelyo ay ipapangaral sa buong mundo, pero maraming hindi makikinig.

*Doktrina at mga Tipan 45:28–29; Joseph Smith—Mateo 1:31*



Magdidilim ang araw, hindi magliliwanag ang buwan, at malalaglag ang mga bituin sa langit.

*Mateo 24:29; Marcos 13:24–25; Joseph Smith—Mateo 1:33*



Kapag muling pumarito si Jesucristo, makikita Siya ng mga tao na bumababa mula sa mga ulap nang may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.

Isusugo Niya ang Kanyang mga anghel para pagsama-samahin ang mabubuting tao.

*Mateo 24:30–31; Marcos 13:26–27; Joseph Smith—Mateo 1:36–37*



Makakapaghanda tayo para sa Ikalawang Pagparito sa paggawa ng tama. Kapag nakita natin ang mga palatandaang ipinangako ni Jesus, malalaman natin na malapit na ang pagdating ng Tagapagligtas.

Walang nakakaalam kung kailan talaga muling paparito si Jesus. Kung handa tayo, makakapiling natin Siya.

*Mateo 24:44; Lucas 21:36; Joseph Smith—Mateo 1:39–40*

KABANATA 47

# Ang Sampung Dalaga




Nagkuwento si Jesus tungkol sa sampung dalagang dumalo sa isang kasal. Hinintay nilang dumating ang kasintahang lalaki at papasukin sila. Hindi nila alam kung anong oras siya darating.

*Mateo 25:1, 13*



May dalang mga ilawang de-langis ang sampung dalaga. Matatalino ang lima sa mga dalaga. May dala silang ekstrang langis.

*Mateo 25:2, 4*



Mangmang ang lima pang dalaga. Ang langis nila ay yaon lamang nasa mga ilawan nila.

*Mateo 25:3*



Napakatagal dumating ng kasintahang lalaki. Naubos ang langis sa mga ilawan. Nagdagdag ng langis ang limang matatalinong dalaga sa kanilang mga ilawan. Kinailangang bumili ng langis ng limang dalagang mangmang.

*Mateo 25:5–9*



Habang wala sila, dumating ang kasintahang lalaki. Pinapasok Niya ang limang matatalinong dalaga sa kasalan.

*Mateo 25:10*



Pagbalik ng limang dalagang mangmang, sarado na ang pintuan. Hindi na sila makadalo sa kasalan.

*Mateo 25:10–12*




Parang si Jesus ang kasintahang lalaki sa kuwentong ito. Parang ang mga miyembro ng Simbahan ang sampung dalaga. Kapag muling pumarito si Jesus, magiging handa ang ilang miyembro. Kasi sinunod nila ang mga utos ng Diyos. Ang iba ay hindi magiging handa. Hindi nila makakapiling ang Tagapagligtas kapag muli Siyang pumarito.

*Mateo 25:13; Doktrina at mga Tipan 45:56–57; 88:86, 92;* Jesus the Christ, *576–80*



KABANATA 48

# Ang mga Talento




Ikinuwento ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang tungkol sa isang lalaking nagbigay ng ilang talento sa kanyang mga alipin. Ang isang talento ay malaking halaga.

*Mateo 25:14–15*



Binigyan ng lalaki ng limang talento ang isang alipin. Binigyan niya ng dalawang talento ang isa pang alipin. Binigyan niya ng isang talento ang ikatlong alipin. Pagkatapos ay naglakbay ang lalaki.

*Mateo 25:15*



Nagpakasipag ang aliping may limang talento. Kumita siya ng lima pang talento. May sampung talento na siya ngayon.

*Mateo 25:16*



Nagpakasipag din ang aliping may dalawang talento. Kumita siya ng dalawa pang talento. May apat na talento na siya ngayon.

*Mateo 25:17*



Ang aliping may isang talento ay ibinaon ito sa lupa. Natakot siyang maiwala ito. Hindi siya nagtrabaho kaya hindi naragdagan ang talento.

*Mateo 25:18*



Pagbalik ng lalaki, tinanong niya ang mga alipin kung ano ang ginawa nila sa mga talento.

*Mateo 25:19*



Dinalhan siya ng unang alipin ng sampung talento. Natuwa ang lalaki. Pinamahala niya sa maraming bagay ang alipin at sinabi ritong magalak siya.

*Mateo 25:20–21*




Dinalhan ng ikalawang alipin ng apat na talento ang lalaki. Ikinatuwa rin ito ng lalaki. Pinamahala niya sa maraming bagay ang ikalawang alipin at sinabi ritong magalak siya.

*Mateo 25:22–23*



Ibinalik ng ikatlong alipin ang talentong ibinaon niya. Hindi natuwa ang lalaki. Sinabihan niyang tamad ang alipin. Dapat ay nagpakasipag siya para kumita pa ng mga talento.

*Mateo 25:24–27*



Binawi ng lalaki ang talento sa ikatlong alipin at ibinigay ito sa unang alipin. Pagkatapos ay pinalayas niya ang tamad na alipin. Parang si Jesus ang lalaki sa kuwento. Parang tayo ang mga alipin. Hahatulan ni Jesus kung paano natin ginagamit ang mga kaloob na ibinigay sa atin.

*Mateo 25:28–30*



KABANATA 49

# Ang Unang Sacrament



Taun-taon ay nagdaraos ang mga Judio ng pista ng Paskua. Nagpapaalala ito sa mga Judio na iniligtas ng Diyos ang kanilang mga ninuno noong panahon ni Moises.

*Exodo 12:27; Lucas 22:7*



Kailangan ni Jesus at ng Labindalawang Apostol ng lugar para makapaghapunan sa Paskua. Pinaghanap ng Tagapagligtas ng silid sina Pedro at Juan at pinatiyak na handa na ang lahat sa hapunan.

*Lucas 22:8*



Nakakita sila ng silid at naghanda ng hapunan.

*Lucas 22:9–13*



Nagpunta roon si Jesus at lahat ng Apostol. Pinagsaluhan nila ang hapunan ng Paskua.

*Lucas 22:14*



Nagbigay ng sacrament si Jesus sa Kanyang mga Apostol sa unang pagkakataon. Dumampot Siya ng tinapay, binasbasan ito, at pinagpira-piraso. Sinabi Niya sa mga Apostol na kainin ang tinapay.

*Mateo 26:26; Lucas 22:19*




Sinabi sa kanila ni Jesus na alalahanin ang Kanyang katawan nang kainin nila ang tinapay. Hiniling Niya sa kanila na alalahanin na mamamatay Siya para sa kanila.

*Mateo 26:26; Lucas 22:19*



Nagbuhos ng alak sa saro si Jesus. Binasbasan Niya ang alak at sinabi sa mga Apostol na inumin ito.

*Mateo 26:27*



Sinabi ni Jesus sa kanila na alalahanin ang Kanyang dugo nang inumin nila ang alak. Hiniling Niya sa kanila na alalahanin na magtitigis Siya ng dugo at magdurusa para sa mga kasalanan ng lahat ng tao.

*Mateo 26:28; Lucas 22:20*



Sinabi rin ni Jesus sa mga Apostol na malapit na Siyang patayin ng masasamang tao. Labing-isa sa mga Apostol ang labis na nalungkot. Mahal nila ang Tagapagligtas at ayaw nilang mamatay Siya.


Alam ni Jesus na tutulungan ng isa sa mga Apostol ang masasamang tao. Ang pangalan niya ay Judas Iscariote.

*Mateo 26:2, 14–16, 21–25*



KABANATA 50

# Iba Pang mga Turo sa Huling Hapunan



Pagkatapos kumain, sinabi ni Jesus sa Kanyang mga Apostol na dapat silang magmahalan tulad ng pagmamahal Niya sa kanila. Kung gagawin nila ito, malalaman ng mga tao na sila ay Kanyang mga disipulo.

*Juan 13:34–35*




Sinabi Niya na kung mahal Siya ng mga Apostol, susundin nila ang Kanyang mga utos. Ipinangako Niya sa kanila ang kaloob na Espiritu Santo. Ituturo sa kanila ng Espiritu Santo ang lahat ng kailangan nilang malaman. Ipapaalala ng Espiritu Santo sa mga Apostol ang mga bagay na itinuro sa kanila ni Jesus.

*Juan 14:15–18, 26*




Sabi ni Jesus para Siyang puno ng ubas. Mga disipulo naman Niya ang parang mga sanga ng puno. Tanging isang sangang matibay na nakadugtong sa puno ang magkakaroon ng mabuting bunga.

*Juan 15:1–2, 5*




Nangako si Jesus sa Kanyang mga Apostol na kung ipamumuhay nila ang ebanghelyo, ang ibubunga nila (ng kanilang mga gawa) ay magiging mabuti. Kung hindi nila Siya susundin, magagaya sila sa mga sangang pinutol mula sa puno at hindi nagbunga.

*Juan 15:3–8*



Ipinagdasal ni Jesucristo na magkaisa ang Kanyang mga Apostol. Gusto Niyang turuan nila ang mga tao na maniwala sa Kanya at malaman na mahal sila ng Ama sa Langit.

*Juan 17:1–4, 6, 11, 20–23*



Pagkatapos ay kumanta ng himno si Jesus at ang mga Apostol at nilisan na ang silid.

*Mateo 26:30*



KABANATA 51

# Nagdusa si Jesus sa Halamanan ng Getsemani




Nagpunta si Jesus at ang mga Apostol sa Halamanan ng Getsemani. Hindi sumama sa kanila si Judas. Pinuntahan niya ang mga pinunong Judio para sabihin kung nasaan si Jesus.

*Mateo 26:36; Marcos 14:43; Juan 18:2–3*



Pinasama ng Tagapagligtas sina Pedro, Santiago, at Juan sa Kanya sa halamanan. Pinaghintay Niya sila habang nagdarasal Siya sa malayo.

*Mateo 26:36–39; Marcos 14:33–35*



Alam ni Jesus na kailangan Niyang magdusa para sa mga kasalanan ng lahat ng tao. Ayaw Niyang magdusa, pero pinili Niyang sundin ang Ama sa Langit.

*Mateo 26:39–44*



Nakatulog sina Pedro, Santiago, at Juan habang nagdarasal si Jesus. Lumapit si Jesus at naratnan silang tulog. Hiniling Niyang manatili silang gising.

*Mateo 26:40–41*



Lumayo Siyang muli para magdasal. Gustong manatiling gising nina Pedro, Santiago, at Juan, pero pagod na pagod sila. Muli silang nakatulog.

Muli silang naratnang tulog ni Jesus. Lumayo Siya at nagdasal sa ikatlong beses.

*Mateo 26:42–44*



Habang nagdarasal si Jesus, nagsimula Siyang manginig dahil sa sakit. Dumating ang isang anghel para palakasin Siya. Lubha Siyang nahirapan kaya pinawisan Siya ng dugo. Nagdurusa Siya para sa lahat ng ating kasalanan para tayo mapatawad kung magsisisi tayo.

*Lucas 22:41–44; Doktrina at mga Tipan 19:16–19*



Ginising ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan. Sinabi Niya sa kanila na ipagkakanulo Siya at papatayin. Sabi ni Jesus darating ang masasamang tao para dakpin Siya.

*Mateo 26:45–46*

KABANATA 52

# Ang mga Paglilitis kay Jesus




Nagpadala ang mga pinuno ng mga Judio ng mga lalaking may dalang mga espada at panghampas sa Halamanan ng Getsemani.

*Mateo 26:47*




Kasama nila si Judas Iscariote. Binayaran ng mga punong saserdote si Judas para ituro sa mga lalaki kung nasaan si Jesus.

*Mateo 26:14–16, 47*



Itinuro ni Judas sa mga lalaki kung sino si Jesus sa paghalik sa Kanya. Dinakip ng mga lalaki si Jesus. Kinutya at hinampas nila Siya. Pagkatapos ay dinala nila si Jesus sa high priest na si Caifas.

*Mateo 26:48–49, 57; Lucas 22:54, 63–65*



Pinagtatanong ng mga pinunong Judio si Jesus. Sabi nila nilabag daw Niya ang batas sa pagsasabing Siya ang Anak ng Diyos. Sinabi sa kanila ni Jesus na Siya ang Anak ng Diyos. Sabi nila maysala raw si Jesus at dapat mamatay.

*Lucas 22:66–71*




Walang awtoridad ang mga pinuno ng mga Judio na patayin si Jesus. Dinala nila Siya kay Poncio Pilato, na kayang hatulan ng kamatayan si Jesus. Sinabi ng mga pinunong Judio kay Pilato na tinuruan ni Jesus ang mga tao na suwayin ang batas ng Romano.

*Lucas 23:1–2*



Hindi naniwala si Pilato na maysala si Jesus. Gustong pawalan ni Pilato si Jesus. Gusto ng mga tao na ipako sa krus si Jesus.

*Lucas 23:14–21*



Gusto pa ring pawalan ni Pilato si Jesus. Pero panay ang sigaw ng mga saserdote at mga tao na gusto nilang ipako sa krus si Jesus.

*Lucas 23:22–23*




Naghugas ng mga kamay si Pilato. Sabi niya hindi siya ang responsable sa pagkamatay ni Jesus. Sabi ng mga tao sila ang responsable sa Kanyang pagkamatay. Sinabi ni Pilato sa kanyang mga kawal na ipako sa krus si Jesus.

*Mateo 27:24–26*

KABANATA 53

# Ipinako si Jesus sa Krus



Nilatigo ng mga kawal si Jesus. Dinamitan nila Siya ng balabal na kulay-ube. Gumawa sila ng koronang tinik at ipinatong ito sa ulo ni Jesus. Pinagtawanan nila Siya at dinuraan. Tinawag nila Siyang “Hari ng mga Judio.”

*Marcos 15:15–20*



Maraming taong sumunod sa mga kawal nang dalhin nila si Jesus sa burol malapit sa Jerusalem. Pinapasan nila sa Kanya ang sarili Niyang krus.

Ipinako nila ang Kanyang mga kamay at paa sa krus at itinayo ito. Ipinako rin nila ang dalawa pang lalaki, na mga magnanakaw.

*Lucas 23:27, 33; Juan 19:17–18*



Nanalangin si Jesus. Hiniling Niya sa Ama sa Langit na patawarin ang mga kawal na nagpako sa Kanya. Hindi nila alam na Siya ang Tagapagligtas.

*Lucas 23:34*



Nakatayo si Maria, na ina ni Jesus, sa paanan ng krus. Naroon din si Apostol Juan. Ipinagbilin ni Jesus kay Juan ang Kanyang ina. Isinama ni Juan ang ina ni Jesus sa bahay niya.

*Juan 19:25–27*



Nagdilim sa buong lupain. Nagdusa ang Tagapagligtas sa krus nang maraming oras.


Sa wakas humiwalay ang Kanyang espiritu sa Kanyang katawan, at namatay Siya.

*Mateo 27:45, 50*



Pagkamatay Niya, pinagpira-piraso ng lindol ang malalaking bato. Nahati sa dalawa ang tabing ng templo. Natakot ang mga kawal na Romano.

*Mateo 27:51, 54*



Kinuha ng isa sa mga disipulo ni Jesus ang katawan ng Tagapagligtas mula sa krus. Binalot niya ito ng tela at inilagak sa isang lugar na pinaglilibingan ng mga patay. Isang malaking bato ang itinakip sa libingan.

*Mateo 27:57–60*



KABANATA 54

# Nagbangon si Jesus




Nasa libingan ang katawan ng Tagapagligtas hanggang Linggo ng umaga. Pagkatapos ay dumating ang dalawang anghel at inalis ang malaking bato sa libingan.

*Mateo 28:1–2 (tingnan sa footnote 2a); Lucas 24:1–4*



Isang babaeng pinagaling ni Jesus na nagngangalang Maria Magdalena ang nagpunta sa libingan. Nagulat siyang makita na naalis ang nakatakip na bato. Wala sa libingan ang katawan ni Jesus.

*Juan 20:1–2*



Nagmamadali niyang sinabi kina Pedro at Juan na may kumuha sa katawan ng Tagapagligtas. Hindi niya alam kung saan naroon ito.

*Juan 20:2*



Tumakbo sina Pedro at Juan sa libingan. Natagpuan nila ang telang ibinalot kay Jesus sa libing, pero wala roon ang katawan ni Jesus. Hindi alam nina Pedro at Juan ang gagawin. Umuwi sila.

*Juan 20:3–7, 10*



Nanatili si Maria Magdalena sa libingan, na umiiyak. Pagtingin niya ulit sa libingan, may nakita siyang dalawang anghel.

*Juan 20:11–12*




Tinanong nila si Maria Magdalena kung bakit siya umiiyak. Sinabi niya na may kumuha sa katawan ni Jesus. Hindi niya alam kung saan naroon ito.

*Juan 20:13*



Lumingon siya at may nakitang tao. Akala niya hardinero iyon. Tinanong Niya kung bakit siya umiiyak. Tinanong ni Maria Magdalena kung alam Niya kung nasaan ang katawan ni Jesus.

*Juan 20:14–15*



Pagkatapos sabi ng lalaki, “Maria,” at nalaman niyang iyon si Jesus. Iniutos Niya sa kanya na sabihin sa mga Apostol na Siya ay nabuhay na mag-uli.


*Juan 20:15–17*



Sinabi ni Maria Magdalena at ilan pang babae sa mga Apostol na nabuhay na mag-uli si Jesus.


Noong una hindi sila pinaniwalaan ng mga Apostol.

*Lucas 24:10–11; Juan 20:18*



Paglaon, habang nag-uusap ang mga Apostol, dumating si Jesus sa silid. Natakot ang mga pastol. Inakala pa rin nila na patay Siya.

*Lucas 24:36–37*



Pinahipo sa kanila ng Tagapagligtas ang Kanyang mga kamay at paa. Siya ay nabuhay na mag-uli—muling nagsama ang Kanyang katawan at espiritu.

*Lucas 24:38–40*



Natuwa ang mga Apostol na makita Siya. Hiningan Niya sila ng pagkain. Binigyan nila Siya ng isda at pulot-pukyutan. Kinain Niya ito.

*Lucas 24:41–43*




Si Jesucristo ang unang taong nabuhay na mag-uli. Maraming iba pang nabuhay na mag-uli pagkatapos niyon at nakita sila ng mga tao sa Jerusalem. Sabi nga ni Jesus, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at ang buhay." Dahil nadaig Niya ang kamatayan, lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli balang araw.

*Mateo 27:52–53; Juan 11:25*



KABANATA 55

# Pinamunuan ng mga Apostol ang Simbahan



Matapos mabuhay na mag-uli, nanatili si Jesus sa piling ng Kanyang mga Apostol nang 40 araw. Tinuruan Niya sila ng maraming bagay tungkol sa ebanghelyo at sa Kanyang Simbahan.

*Ang Mga Gawa 1:1–3*



Sinabi Niya sa kanila na ituro ang ebanghelyo sa lahat ng tao. Sinabi rin Niya na malapit na Niya silang lisanin, pero darating ang Espiritu Santo para tulungan sila.

*Ang Mga Gawa 1:4–8*



Minasdan ng mga Apostol ang pag-akyat ni Jesus sa langit. Sinabi ng dalawang anghel na nakaputi sa mga Apostol na babalik si Jesus mula sa langit balang araw.

*Ang Mga Gawa 1:9–11*




Mga Apostol na ngayon ang mga pinuno ng Simbahan ni Jesucristo sa daigdig. Si Pedro ang Pangulo, at sina Santiago at Juan ang kanyang mga tagapayo.

*Mateo 16:18–19; Doktrina at mga Tipan 81:1–2;* Jesus the Christ, *219–20*



Labing-isa lamang ang mga Apostol—patay na si Judas. Sinabi ng Ama sa Langit sa mga Apostol na piliin si Matias na maging isa sa Labindalawang Apostol. Lahat ng Apostol ay may espesyal na tungkulin sa priesthood.

*Mateo 27:3–5; Ang Mga Gawa 1:15–17, 21–26; Doktrina at mga Tipan 102:8*



Sumampalataya ang mga Apostol at iba pang mga disipulo sa Panginoon. Sinunod nila ang Kanyang mga utos. Mahal nila ang isa't isa.

*Ang Mga Gawa 2:41–47*




Sa taglay na priesthood at kapangyarihan ng Espiritu Santo, maraming magagawa ang mga Apostol. Pinagaling nila ang mga maysakit at naging mga misyonero. Nagturo sila tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Maraming taong naniwala sa mga salita ng mga Apostol at sumapi sa Simbahan. Ang mga miyembro ng Simbahan ay tinawag na mga Banal.

*Ang Mga Gawa 2:2–4, 32–33, 36–43, 47; 3:1–8; Mga Taga Roma 1:7*




KABANATA 56

# Pinagaling ni Pedro ang Isang Lalaki



May isang lalaking hindi makalakad na dinadala sa templo araw-araw. Nakaupo siya sa may pintuan ng templo at nanlilimos. Isang araw nakita niya sina Pedro at Juan na papasok sa templo.

*Ang Mga Gawa 3:1–3*



Hiningan niya ng pera sina Pedro at Juan. Sabi ni Pedro wala siyang pera. Sabi ni Pedro may ibang bagay siyang ibibigay sa lalaki.

*Ang Mga Gawa 3:3, 6*



Binasbasan ni Pedro ang lalaki sa pangalan ni Jesucristo at pinagaling ito. Pagkatapos ay tinulungan niyang makatayo ang lalaki.

*Ang Mga Gawa 3:6–7*



Lumakad ang lalaki sa kauna-unahang pagkakataon sa buhay niya. Maraming taong nakakita sa lalaki na naglalakad at patalun-talon. Alam nila na ito ay isang himala. Alam nilang taglay ni Pedro ang kapangyarihan ng Diyos. Sinabi sa kanila ni Pedro na si Jesucristo ang nagbigay sa kanya ng kapangyarihang pagalingin ang lalaki. Si Pedro ay dakilang misyonero. Tinulungan niya ang maraming tao na maniwala at sumunod kay Jesucristo.

*Ang Mga Gawa 3:8–13, 16; 4:4*



KABANATA 57

# Pinatay ng Masasamang Tao si Esteban




Maraming pinunong Judio ang nag-akala na titigil ang mga himala pagkamatay ni Jesus. Gayunman, nagsagawa rin ng mga himala ang mga Apostol. Maraming taong naniwala kay Jesucristo at sumapi sa Simbahan.

*Ang Mga Gawa 4:1–4, 13–16; 5:14*




Nagpagalit ito sa maraming pinunong Judio. Ibinilanggo nila sina Pedro at Juan. Pinapatay ni Haring Herodes Agripa si Apostol Santiago.

*Ang Mga Gawa 4:3; 12:1–2*



Tumawag ng pitong lalaki ang mga Apostol para tumulong sa pamumuno sa Simbahan. Isa rito ang mabuting taong nagngangalang Esteban. Itinuro niya ang ebanghelyo sa maraming tao. Nagsinungaling ang ilang masasamang tao at sinabing nagsalita si Esteban laban sa batas ng mga Judio. Dinala nila siya sa mga pinunong Judio para litisin.

*Ang Mga Gawa 6:3–12*



Sinabi ni Esteban sa mga pinuno na masasama sila. Sinabi niya na pinatay nila si Jesucristo, ang Anak ng Diyos.

*Ang Mga Gawa 7:51–54*



Tumingin sa Langit si Esteban at nakita niya ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Nang sabihin niya sa mga pinuno ang kanyang nakita, nagalit sila.

*Ang Mga Gawa 7:55–56*



Itinapon nila si Esteban sa labas ng bayan para pagbabatuhin hanggang sa mamatay. Inilatag nila ang kanilang mga damit sa paanan ng binatang nagngangalang Saulo. Habang naghihingalo si Esteban, hiniling niya sa Diyos na dalhin ang kanyang espiritu sa langit. Hiniling din niya sa Diyos na patawarin ang mga pumapatay sa kanya. At namatay na siya.

*Ang Mga Gawa 7:58–60*



K A B A N A T A 5 8

# Si Simon at ang Priesthood



Maraming tao sa Samaria ang nakarinig at naniwala sa ebanghelyo. Nabinyagan sila, pero hindi sumakanila ang Espiritu Santo.

*Ang Mga Gawa 8:5, 12–16*



Nagpunta sina Pedro at Juan sa Samaria. Ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa ulunan ng mga tao at ipinagkaloob sa kanila ang Espiritu Santo.

*Ang Mga Gawa 8:14–17*



Isang lalaking nagngangalang Simon ang nakakita kina Pedro at Juan na pinagkakalooban ng Espiritu Santo ang mga tao. Alam ni Simon na maipagkakaloob ng dalawang Apostol ang Espiritu Santo sa mga tao dahil may priesthood sila. Gusto rin niyang magkaroon ng priesthood.

*Ang Mga Gawa 8:9, 18–19*



Inalok niya ng pera sina Pedro at Juan kapalit nito. Sinabi ni Pedro kay Simon na hindi mabibili ng sinuman ang priesthood. Ipinagkakaloob ito ng Diyos sa mabubuting lalaki. Alam ni Pedro na hindi matwid si Simon. Sinabihan niya itong magsisi.

*Ang Mga Gawa 8:18–24*




KABANATA 59

# Nalaman ni Saulo ang Tungkol kay Jesus




Pinanood ni Saulo ang pagpatay ng mga tao kay Esteban. Isang araw naglalakad si Saulo sa bayan ng Damasco kasama ang ilang kaibigan. Gusto niyang ibilanggo ang ilang disipulo ni Cristo.

*Ang Mga Gawa 7:58; 9:1–2*




Bigla siyang napalibutan ng maningning na liwanag mula sa langit. Napasubsob siya sa lupa. Pagkatapos ay narinig ni Saulo ang tinig ni Jesus na nagtatanong kung bakit niya sinasaktan ang mga Banal. Natakot si Saulo. Tinanong niya si Jesus kung ano ang dapat niyang gawin. Sinabi ng Tagapagligtas na dapat pumunta sa Damasco si Saulo. Doo'y sasabihin kay Saulo ang kailangan niyang gawin.

*Ang Mga Gawa 9:3–6*




Nagmulat ng mga mata si Saulo, pero hindi siya makakita. Nabulag siya. Dinala siya ng kanyang mga kaibigan sa Damasco.

*Ang Mga Gawa 9:8–9*




Isang disipulo ni Jesucristo na nagngangalang Ananias ang nakatira sa Damasco. Sa isang pangitain, sinabi ni Jesus kay Ananias na puntahan si Saulo.

*Ang Mga Gawa 9:10–11*



Si Ananias ay may priesthood. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa ulunan ni Saulo at binasbasan ito para bumalik ang kanyang paningin. Matapos mapagaling, nabinyagan si Saulo at tumanggap ng kaloob na Espiritu Santo.

*Ang Mga Gawa 9:17–18*



Pinalitan ni Saulo ang kanyang pangalan ng Pablo. Natawag siya bilang Apostol. Naging misyonero siya ng Simbahan. Sumulat siya ng maraming liham. Nagpunta siya sa maraming lupain at nagturo ng ebanghelyo.

*Ang Mga Gawa 26:16–23; Mga Taga Roma 1:1*




KABANATA 60

# Muling Binuhay ni Pedro si Tabita



Isang mabuting babaeng nagngangalang Tabita ang nakatira sa bayan ng Joppe. Isa siyang alagad ni Jesucristo. Maraming tao siyang tinulungan at maraming mabubuting bagay siyang ginawa.

*Ang Mga Gawa 9:36*



Nagkasakit siya at namatay.

*Ang Mga Gawa 9:37*



Pinapunta ng kanyang mga kaibigan si Pedro. Pagdating niya roon, pinalabas niya ng silid ang mga kaibigan ni Tabita.

*Ang Mga Gawa 9:38–40*



Lumuhod si Pedro at nanalangin, at saka sinabi kay Tabita na tumayo. Nagmulat siya ng mga mata at umupo.

*Ang Mga Gawa 9:40*




Tinulungan siyang tumayo ni Pedro. Tinawag niya ang kanyang mga kaibigan. Pumasok sila at nakitang siya ay buhay. Ginamit ni Pedro ang kapangyarihan ng priesthood para ibalik ang buhay ni Tabita. Maraming tao sa Joppe ang naniwala kay Jesucristo nang malaman nilang nabuhay si Tabita.

*Ang Mga Gawa 9:41–42*




KABANATA 61

# Sina Pablo at Silas sa Bilangguan




Isang batang babae ang sinaniban ng masamang espiritu. Gustong marinig ng mga tao ang sinasabi ng masamang espiritu sa pamamagitan niya. Binayaran nila ang mga lalaking pinagtatrabahuhan niya para marinig nilang magsalita ang masamang espiritu.

*Ang Mga Gawa 16:16*



Tuwing daraan sina Pablo at Silas, sinusundan sila ng bata. Habang nakasunod, nagsalita ang masamang espiritu. Isang araw inutusan ni Pablo ang masamang espiritu na lisanin ang bata. Lumisan nga ito. Nagalit ang mga lalaking pinagtatrabahuhan niya. Ngayo'y hindi na sila magkakapera.

*Ang Mga Gawa 16:17–19*




Dinala ng mga lalaki sina Pablo at Silas sa mga pinuno ng bayan. Sabi nila nanggugulo raw sina Pablo at Silas.

*Ang Mga Gawa 16:19–22*



Pinalatigo ng mga pinuno sina Pablo at Silas at ibinilanggo.

*Ang Mga Gawa 16:22–24*



Noong gabing iyon nanalangin at kumanta ng mga himno sina Pablo at Silas sa Ama sa Langit. Narinig sila ng lahat ng nasa bilangguan. Maya-maya'y nagsimulang yumanig ang lupa. Nabuksan ang mga pintuan ng bilangguan.

*Ang Mga Gawa 16:25–26*




Nagising ang bantay at nakitang bukas ang mga pintuan. Akala niya nakatakas ang mga bilanggo. Sinabihan ni Pablo ang bantay na huwag mag-alala. Naroon pang lahat ang mga bilanggo. Lumuhod ang bantay sa tabi nina Pablo at Silas at tinanong kung paano siya maliligtas.

*Ang Mga Gawa 16:27–30*



Tinuruan nina Pablo at Silas ng ebanghelyo ang bantay at pamilya nito. Noong gabing iyon nabinyagan ang bantay at pamilya nito.

*Ang Mga Gawa 16:31–33*




Kinabukasan pinalaya ng mga pinuno ng bayan sina Pablo at Silas. Nagpunta sa ibang bayan sina Pablo at Silas para gumawa pa ng gawaing misyonero.

*Ang Mga Gawa 16:35–40*




KABANATA 62

# Sinunod ni Pablo ang Espiritu Santo



Pinapunta ng Espiritu Santo si Apostol Pablo sa Jerusalem. Sinabi ng Espiritu Santo na mabibilango si Pablo. Hindi natakot si Pablo. Mahal niya ang Tagapagligtas at ginawa ang ipinagawa sa kanya ng Espiritu Santo.

*Ang Mga Gawa 20:22–24*



Nagpaalam si Pablo sa kanyang mga kaibigan. Sabi niya hindi na niya sila makikitang muli. Sinabi niyang ipamuhay nila ang ebanghelyo at sundin ang mga utos ng Diyos. Binalaan sila ni Pablo na huwag makinig sa mga taong magtatangkang magturo sa kanila ng mga bagay na hindi totoo.

*Ang Mga Gawa 20:25, 28–32*




Sinabi sa kanila ni Pablo na mahalin at alagaan ang isa't isa. Lumuhod siya at nanalangin na kasama sila. Umiyak silang lahat. Sinamahan nila si Pablo hanggang sa bangka at minasdan ang paglisan nito papuntang Jerusalem.

*Ang Mga Gawa 20:35–38*




KABANATA 63

# Tinapos ni Pablo ang Kanyang Misyon




Nagpunta si Pablo sa templo sa Jerusalem. Akala ng isang grupo ng mga Judio ay nagsama si Pablo ng mga taong hindi Judio sa templo. Ikinagalit ito ng mga Judio. Kinaladkad nila si Pablo palabas ng templo at binugbog.

*Ang Mga Gawa 21:26–32*




Dinakip ng mga kawal na Romano si Pablo. Pinayagan nila siyang makipag-usap sa mga Judio. Nagpatotoo si Pablo sa mga tao na nakakita siya ng liwanag mula sa langit at narinig ang tinig ng Tagapagligtas. Sinabi niya na inutusan siya ni Jesus na ipangaral ang ebanghelyo.

*Ang Mga Gawa 21:33–40; 22:1–15*



Hindi naniwala ang mga tao kay Pablo. Gusto nila siyang patayin. Ibinilanggo ng mga kawal si Pablo noong gabing iyon.

*Ang Mga Gawa 22:22–30*




Binisita ng Tagapagligtas si Pablo sa bilangguan at sinabihan siyang huwag matakot. Sinabi Niya na pupunta si Pablo sa Roma at magtuturo ng ebanghelyo roon.

*Ang Mga Gawa 23:11*



Para protektahan si Pablo, ipinadala siya ng mga Romano sa ibang bayan. Naroon si Haring Agripa. Sinabi ni Pablo kay Haring Agripa na dati siyang Fariseo at kinamuhian niya ang mga taong naniniwala kay Jesus. Ibinilanggo pa niya ang mga iyon. Pagkatapos ay nakakita ng liwanag si Pablo mula sa langit at narinig ang tinig ng Tagapagligtas. At naniwala siya kay Jesus.

*Ang Mga Gawa 23:12–35; 25:13–23; 26:1–15*



Pinatotohanan ni Pablo kay Haring Agripa na ang ebanghelyo ay totoo. Sinabi niyang nabuhay na mag-uli si Jesus. Sa isang pangitain, sinabi ni Jesucristo kay Pablo na ituro ang Kanyang ebanghelyo. Dahil sumunod si Pablo, kinamuhian siya ng maraming tao.

*Ang Mga Gawa 26:16–23*




Sabi ni Haring Agripa muntik na siyang mapaniwala ni Pablo kay Jesus. Inisip ng hari na hindi dapat patayin si Pablo. Pero kailangan niyang ipadala si Pablo sa Roma, kung saan siya lilitisin.

*Ang Mga Gawa 26:27–32*



Nabilanggo si Pablo sa Roma nang dalawang taon. Maraming taong dumalaw sa kanya. Tinuruan niya sila ng ebanghelyo. Lumiham si Pablo sa mga Banal sa ibang mga lupain. Nasa Bagong Tipan ang ilan sa mga liham na ito, na tinatawag na mga sulat.

*Ang Mga Gawa 28:16–31*



Alam ni Pablo na papatayin siya. Hindi siya natakot. Sinunod niya ang mga utos ng Diyos. Itinuro niya ang ebanghelyo. Natapos niya ang kanyang misyon. Alam ni Pablo na mahal siya ng Ama sa Langit. Alam din niya na pagkamatay niya, makakapiling niya ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

*II Kay Timoteo 4:6–8*



# Pagkaraan ng Bagong Tipan



Nagsumikap ang mga pinuno ng Simbahan na magturo sa mga tao tungkol kay Jesucristo. Binisita nila ang mga Banal at lumiham sila sa kanila. Sumapi ang mga tao sa Simbahan sa maraming lupain. Ayaw ng masasamang tao na maniwala ang mga tao kay Jesucristo.

*Ang Mga Gawa 6:2–4, 7; 11:19–21*



Gusto ng masasamang tao na baguhin ang mga kautusan. Nakinig sa kanila ang ilang Banal.

Maraming tumigil sa paniniwala kay Jesus at hindi sumunod sa Kanyang mga utos.

*Mga Taga Galacia 1:6–8; Kay Tito 1:10–11; I Ni Juan 2:18–19*



Pinatay ang mga Apostol at maraming Banal. Wala nang namuno sa Simbahan. Binawi ang mga susi ng priesthood sa daigdig. Wala nang mga propetang gagabay sa mga tao. Wala na sa daigdig ang Simbahan ni Jesucristo. Sinabi nina Apostol Pedro at Pablo na mangyayari ito.

*Mateo 23:34; 24:8–10; Mga Taga Roma 8:36; I Mga Taga Corinto 4:9–13; I Ni Pedro 4:12;* Jesus the Christ, *745–46*




Daan-daang taon ang lumipas. Marami nang iba't ibang simbahan. Wala silang mga Apostol o priesthood ng Diyos. Wala sa mga simbahan ang Simbahan ni Jesucristo. Pero sinabi ng mga propeta na pagkaraan ng maraming taon babalik na muli ang Simbahan ni Jesucristo sa daigdig.

*Ang Mga Gawa 3:19–26; II Mga Taga Tesalonica 2:1–4; II Kay Timoteo 4:3–4*



Noong 1820 isang batang nagngangalang Joseph Smith ang gustong makaalam kung aling simbahan ang Simbahan ni Jesucristo. Nagpunta siya sa kakahuyan malapit sa bahay niya at nanalangin. Hiniling niya sa Diyos na sabihin sa kanya kung aling simbahan ang tama.

*Joseph Smith—Kasaysayan 1:3, 5, 10, 14–15*




Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith. Sinabi ng Tagapagligtas kay Joseph na huwag sumapi sa anumang simbahan dahil wala sa mga ito ang Kanyang Simbahan.

*Joseph Smith—Kasaysayan 1:17–19*



Pinili ng Diyos na ibalik ang Simbahan ni Jesucristo sa daigdig sa pamamagitan ni Joseph Smith. Nagsugo ng mga anghel ang Diyos para ibigay kay Joseph Smith ang priesthood. Tinulungan Niya si Joseph na maisalin ang Aklat ni Mormon. Noong Abril 6, 1830, muling itinatag ang Simbahan ni Jesucristo sa daigdig.

*Joseph Smith—Kasaysayan 1:33, 66–75*




Tulad ng pagpili ni Jesus sa Labindalawang Apostol noong narito Siya sa daigdig, tinulungan ng Diyos si Joseph Smith na pumili ng Labindalawang Apostol para tulungan siyang pamunuan ang Simbahan. Ang mga lalaking ito ay binigyan ng kapangyarihang magturo ng ebanghelyo at gumawa ng mga himala.

*Doktrina at mga Tipan 102:3; 107:22–23, 35*



Gusto ni Jesus na malaman ng lahat ang tungkol sa Kanyang Simbahan. Sinabi Niya kay Joseph Smith na magpadala ng mga misyonero para ituro sa lahat ng tao ang tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

*Doktrina at mga Tipan 1:18, 30*




Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang simbahang itinatag ni Jesus noong nabuhay Siya sa daigdig.

*Doktrina at mga Tipan 115:4*


# Mga Salitang Dapat Malaman

**alak** isang inuming nagmula sa mga ubas
**alipin; tagapaglingkod** isang taong naglilingkod o nagtatrabaho para sa ibang tao o sa Diyos
**altar** isang sagradong mesa sa templo noong nabubuhay si Jesus sa mundo. Nag-alay ang mga tao sa altar ng mga sakripisyo sa Diyos.




**Anghel** isang sugo ng langit mula sa Diyos
**Apostol** isang pinuno sa Simbahan ni Jesucristo na nagpapatotoo kay Jesucristo at nagtuturo ng ebanghelyo
**awtoridad** ang karapatang gamitin ang isang kapangyarihang tulad ng priesthood o magkaroon ng karapatang parusahan ang mga sumusuway sa batas
**ayuno** hindi kakain at iinom habang humihingi ng mga pagpapala mula sa Ama sa Langit

**bahay-tuluyan** isang lugar kung saan makakakain at makakatulog ang mga tao kapag naglalakbay sila
**balabal** isang mahaba at malambot na kasuotan na ipinapatong sa suot na damit




**balang** isang malaking insektong lumilipad na kinakain kung minsan



**balong babae** isang babaeng patay na ang asawa
**banal** isang bagay na dalisay at malinis at itinalaga para gamitin ng Diyos
**Banal** isang miyembro ng totoong Simbahan ni Jesucristo
**bantay** isang taong nagbabantay sa mga tao sa bilangguan; bantayan ang isang tao, lugar, o bagay
**bantay sa bahay-tuluyan** ang taong nagpapalakad ng bahay-tuluyan
**barya** isang flat na perang metal



**basbas** isang espesyal na panalanging humihiling sa Ama sa Langit na papanatagin o pagalingin ang isang tao; ang lalaking nag-aalay ng panalanging ito ay ginagawa ito sa kapangyarihan ng priesthood na taglay niya. Anumang tulong na tinatanggap natin mula sa Diyos.
**bilangguan** isang lugar kung saan ikinukulong ang mga taong lumabag sa batas
**bingi** hindi makarinig
**binyag [magbinyag]** isang ordenansa o seremonya kung saan ang isang taong may awtoridad ng priesthood mula sa Diyos ay lubusang inilulubog ang isa pang tao sa tubig at iniaahon siya mula rito. Ang binyag ay kailangan para maging miyembro ng Simbahan ni Jesucristo. Tingnan din sa *kaloob na Espiritu Santo*.



**buhay na walang hanggan** maging katulad ng ating Ama sa Langit at makapiling Siya magpakailanman
**bulag** hindi makakita
**bundok** isang malaking burol
**buwis** perang ibinabayad ng mga tao sa gobyerno


**dakpin [dinakip]** kunin nang sapilitan ang isang bansa o tao
**digmaan** isang labanan ng magkakaaway
**disipulo** isang taong naniniwala kay Jesucristo at sinisikap na tularan Siya
**disyerto** lupaing kakaunti ang tubig at mga halaman o hayop
**diyablo** isa pang tawag kay Satanas

**ebanghelyo** ang mga turo ni Jesucristo tungkol sa kung paano dapat mamuhay ang mga tao para makabalik sila sa piling ng Ama sa Langit; ito ang plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit
**espiritu** isa sa mga anak ng Ama sa Langit na walang katawang may laman at mga buto


**himala** isang pambihirang bagay na nangyayari dahil sa kapangyarihan ng Diyos
**himno** isang awitin sa simbahan o awit ng papuri sa Diyos

**Ikalawang Pagparito** kung kailan muling paparito sa daigdig si Jesus para iligtas ang mabubuting tao at puksain ang masasama
**ikapu** perang ibinibigay sa Diyos para maitayo ang Kanyang Simbahan
**ilang** isang lugar kung saan walang mga bayan o lungsod at iilang tao lang ang nakatira
**ilibing [inilibing]** ilagak ang katawan ng patay sa libingan o sa ilalim ng lupa at tabunan ito ng lupa; ilagak ang isang bagay sa ilalim ng lupa kung saan ito gustong itago ng tao
**iligtas** sagipin mula sa panganib. Namatay si Jesus para iligtas tayo mula sa pisikal na kamatayan at mga panganib ng kasalanan.
**ipagkanulo** talikuran ang isang kaibigan o isuko siya sa kaaway
**ipako sa krus** patayin ang isang tao sa pagbayubay sa kanya sa krus na kahoy tulad ng ginawa nila kay Jesucristo
**itatag** isaayos ang Simbahan ni Jesucristo

**kaharian ng Diyos** ang Simbahan o lugar kung saan makakapiling ng mabubuti ang Ama sa Langit matapos ang buhay na ito
**kaligtasan** maligtas mula sa kasalanan at kamatayan para makapiling nating muli ang Ama sa Langit
**kaloob** isang mabuting bagay na ibinigay sa atin ng Diyos o ng iba
**kaloob na Espiritu Santo** ang karapatang matulungan ng Espiritu Santo; ibinibigay ito ng isang taong may awtoridad ng priesthood sa isang tao matapos itong mabinyagan
**kapangyarihan** kakayahang gumawa ng isang bagay. Tingnan din sa *priesthood*.
**kapitbahay; kapwa** isang taong nakatira malapit sa bahay mo; isa pang anak ng Diyos
**kasal** isang kaganapan kung saan ikinakasal ang isang lalaki at babae
**kasamaan** isang bagay na masama at hindi nagmumula sa Diyos
**kasintahang lalaki** isang lalaking ikakasal
**katawang may laman at dugo** mga katawan ng tao sa daigdig na may balat, mga buto, mga kalamnan, at dugo
**katotohanan** ang bagay na totoo at tama
**kawal** isang taong tumutupad sa mga utos ng isang hari o pinuno
**ketongin** isang taong sugat-sugat ang buong katawan
**koronang tinik** matutulis na tinik na inayos nang pabilog at ipinatong sa ulo ni Jesus




**kutyain** pagtawanan
**kuweba** isang butas sa gilid ng burol




**langit** ang lugar na kinaroroonan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo

**latigo** isang manipis na tali o lubid; gumamit ng latigo para hampasin ang isang tao o isang bagay



**libingan** isang lugar kung saan inililibing ang mga patay



**lindol** matinding pagyanig ng lupa
**luhod [lumuhod]** itiklop ang mga tuhod




**mabuhay na mag-uli** muling pagsasama ng ating katawan at espiritu pagkamatay natin
**magdiwang** alalahanin ang isang mahalagang araw sa paggawa ng espesyal na bagay
**magdusa** makadama ng matinding sakit
**magkasala** suwayin ang mga utos ng Ama sa Langit
**maglakbay** pumunta sa ibang lugar
**magnakaw** kumuha ng isang bagay na pag-aari ng iba
**magnanakaw [mga magnanakaw]** isang taong nagnanakaw sa iba

**mag-orden** ipinapatong ng kalalakihang may awtoridad ng priesthood ang kanilang mga kamay sa ulunan ng isa pang lalaki para pagkalooban ito ng kapangyarihan at awtoridad ng priesthood



**magpabunga** gumawa o magpalago ng isang bagay
**magpakailanman** lagi
**magpatawad** itigil ang galit sa isang taong nakagawa ng masasama o masasakit na bagay
**magpatotoo** sabihin sa ibang mga tao na alam natin na totoo ang isang bagay
**magsalin** baguhin ang mga salitang isinulat o binigkas sa isang wika sa mga salitang pareho ang kahulugan sa ibang wika
**magsinungaling** huwag sabihin ang totoo
**magsisi** malungkot dahil sa isang bagay na ginawa mo at mangakong hindi mo na ito muling gagawin
**makasalanan** isang taong sumusuway sa mga utos ng Ama sa Langit
**malaking tinapay [malalaking tinapay]** ang hugis ng pagkaluto sa tinapay




**malunod** mamatay dahil sa pananatili sa ilalim ng tubig nang napakatagal
**mamuno** gabayan ang iba
**manalangin** kausapin ang Diyos, magpasalamat sa Kanya at humiling ng mga pagpapala
**mangako** magsabing gagawin mo ang isang bagay
**maniwala** madamang ang isang bagay ay tama o totoo

**masama** isang taong makasalanan
**matalino** Isang taong napakaismarte at naiintindihan ang mga tao, batas, at banal na kasulatan; isang tao rin na nagpaplano nang maaga
**matwid** masunurin sa mga utos ng Diyos
**mga banal na kasulatan** mga aklat na naglalaman ng mga salita ng Diyos na ibinigay sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta
**Mga Pantas na Lalake** mga lalaking nagmula sa Silangan para bisitahin si Jesus noong bata pa Siya
**misyon** isang espesyal na panahon ng paglilingkod na humayo at magturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa mga tao at patatagin ang kaharian ng Diyos sa daigdig
**misyonero** isang taong nagmimisyon; kung minsan ay pinapupunta sa ibang bansa ang taong ito
**miyembro** isang taong kasapi sa isang simbahan o ibang grupo


**pagalingin** lunasan ang sakit o sugat ng isang tao
**pagbabagong-anyo** isang pagbabago sa tao sa loob ng maikling panahon na nagiging dahilan para makaharap siya sa Ama sa Langit
**paghahayag** isang bagay na sinasabi ng Diyos sa Kanyang mga anak
**paglilitis** isang pangyayari na sinisikap patunayan ng mga tao kung nilabag ng isang tao ang batas o hindi
**pagpalain** bigyan ng mabubuting bagay o tulungan ang isang tao
**panalangin** ang inuusal kapag nagdarasal ang isang tao
**pananampalataya** maniwala at magtiwala kay Jesucristo
**pangitain** isang uri ng paghahayag mula sa Ama sa Langit
**Paskua** isang espesyal na pagdiriwang kung kailan inaalala ng mga Judio kung paano iniligtas ng Diyos ang kanilang mga tao mula sa mga taga Egipto noong panahon ni Moises
**pastol** isang taong nag-aalaga ng mga tupa



**patotoo** isang damdamin o kaisipan mula sa Espiritu Santo na ang ebanghelyo ay totoo
**pinuno** isang taong gumagabay at responsable sa isang grupo ng mga tao
**pista** masaganang pagkaing karaniwang kinakain sa espesyal na araw
**priest; saserdote** isang pinuno sa isang simbahan
**priesthood** ang awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos
**propeta** isang taong tinawag ng Diyos para sabihin sa mga tao kung ano ang gustong ipagawa sa kanila ng Diyos
**pulot-pukyutan** mga lalagyang waks na gawa ng mga bubuyog. Pinupuno ng mga bubuyog ng pulot ang mga lalagyang waks na ito.




**pumili** piliin o hirangin
**puno** ang pangunahing sanga ng isang halaman, tulad ng ubas, na may sanga-sangang paikot. Pinananatiling buhay ng puno ang mga sanga.



**purihin** magsabi ng mabubuting bagay tungkol sa isang tao
**puspos ng Espiritu Santo** pinuno ng katotohanan ng Espiritu Santo ang puso't isipan ng isang tao

**Sabbath** isang espesyal na araw ng linggo kung kailan sumasamba sa Diyos ang mga tao sa pagsisimba at pag-aaral pa tungkol sa Kanya

**sabsaban** isang kahong pinaglalagyan ng pagkain ng mga hayop



**sacrament** isang ordenansa kung saan binabasbasan ang tinapay at tubig at ipinapasa sa mga miyembro ng Simbahan para ipaalala sa kanila si Jesucristo at sundin ang mga utos. Ang ordenansa ay ginagawa ng kalalakihang may priesthood.
**sagrado** anumang bigay sa atin ng Diyos na dapat igalang at pagpitaganan
**sakripisyo** isuko ang isang bagay na mahalaga para sa Diyos o sa ibang tao
**sambahin** purihin, mahalin, at sundin ang Diyos
**sermon** isang mensaheng ibinibigay sa isang grupo ng mga tao tungkol sa ebanghelyo
**sinagoga** isang gusaling tagpuan ng mga Judio para sumamba sa Diyos
**sugat** isang bahagi ng katawan na masakit o nagdurugo
**sugat** isang masamang pinsala sa katawan ng tao
**sumapi** maging bahagi ng isang grupo
**sumunod** gawin ang ginagawa ng iba
**sumunod** gawin ang hiniling o iniutos

**tagapamayapa** isang taong tumutulong sa mga tao na huwag magalit sa isa't isa
**tagapayo** isang taong tumutulong o nagpapayo sa ibang tao
**taggutom** kawalan ng pagkain dahil hindi sapat ang tumutubo para makakain ang lahat
**talinghaga** isang kuwentong nagtuturo ng isang tuntunin o aral
**tamad** ayaw magtrabaho
**templo** bahay ng Diyos sa lupa; isang lugar para sambahin ang Diyos; isang banal na lugar kung saan isinasagawa ang mga sagradong ordenansa



**tinik** isang matalas at matulis na bahagi ng halaman na nakakasakit kung hihipuin
**tuksuhin** tangkaing ipagawa sa isang tao ang isang bagay na mali

**utos; kautusan** isang bagay na ipinagagawa ng Diyos sa mga tao para maging maligaya sila
**utusan** sabihin sa isang tao o isang bagay kung ano ang gagawin

**walang hanggan** isang bagay na walang katapusan; patuloy ito magpakailanman


**yuko [yumuko]** itungo ang ulo sa paggalang



# Mga Lugar na Dapat Malaman

(Ang mga numerong nakapanaklong ay mga kabanatang nagkukuwento tungkol sa mga naganap sa mga lugar na ito.)


## Mapa 1: Ang Banal na Lupain sa Panahon ng Bagong Tipan




1. **Damasco** Papunta si Pablo sa bayang ito nang magpakita sa kanya si Jesus at sabihan siyang magsisi. (59)
2. **Cesarea ni Filipo** Dito nagpatotoo si Jesus tungkol sa Kanyang pagkamatay at Pagkabuhay na Mag-uli, at nagpatotoo si Pedro na si Jesus ang Anak ng Diyos. (32)
3. **Galilea** Nagtagal si Jesus sa lugar na ito sa pagtuturo ng ebanghelyo at pagpapagaling ng maysakit. (19–20, 34, 36)
4. **Capernaum** Maraming himalang ginawa si Jesus sa bayang ito. (23–25, 30)
5. **Dagat ng Galilea** Nagturo ng ebanghelyo sa maraming tao si Jesus malapit dito. Pinayapa ni Jesus ang bagyo at lumakad sa tubig sa Dagat ng Galilea. (18, 21, 29)
6. **Cana** Ginawang alak ni Jesus ang tubig sa isang kasalan dito. Pumunta rito ang isang lalaki para hilingin kay Jesus na pagalingin ang anak niyang lalaking maysakit. (12, 16)
7. **Nazaret** Lumaki si Jesus sa bayang ito. (2, 4, 9, 17)
8. **Samaria** Tinuruan ni Jesus ang isang babae tungkol sa tubig na buhay sa isang balon sa lupaing ito. Kinamuhian ng karamihan sa mga Judio ang mga taga Samaria. (15, 58)
9. **Ilog Jordan** Bininyagan ni Juan Bautista si Jesucristo sa ilog na ito. (10)
10. **Joppe** Dito binuhay na muli ni Pedro si Tabita. (60)
11. **Jerico** Sa talinghaga ng mabuting Samaritano, isang lalaki ang muntik nang mapatay habang naglalakbay papunta sa bayang ito. (35)
12. **Jerusalem** Matagal na nagturo sina Jesus at ang Kanyang mga Apostol sa bayang ito. Dito namatay at nabuhay na mag-uli si Jesus. (6, 39–40, 44–57, 63) Tingnan sa Mapa 2 para sa karagdagan pang kuwento na nangyari sa Jerusalem.
13. **Betania** Dito nakatira si Lazaro, na ibinangon ni Jesus mula sa mga patay, kasama ang mga kapatid niyang sina Maria at Marta. (43)
14. **Betlehem** Dito isinilang si Jesucristo. (5, 7)

## Mapa 2: Jerusalem Noong Panahon ni Jesus

1. **Golgota** Maaaring dito namatay sa krus si Jesucristo. (53)
2. **Libingan sa Halamanan** Maaaring si Jesucristo ay dito inilibing, nabuhay na mag-uli, at nakipag-usap kay Maria Magdalena. (53, 54)
3. **Tangke ng Betesda** Dito pinagaling ni Jesus ang isang lalaki sa araw ng Sabbath. (27)
4. **Templo** Dito nangako ang anghel na si Gabriel kay Zacarias na magkakaanak siya ng lalaki, na siyang si Juan Bautista. Nagturo si Jesus sa templong ito. Pinalayas din Niya sa templo ang mga taong nagbebenta ng mga hayop na isasakripisyo. (1, 6, 9, 11, 13, 45, 56)
5. **Halamanan ng Getsemani** Si Jesucristo ay nanalangin, nagdusa para sa ating mga kasalanan, ipinagkanulo ni Judas Iscariote, at dinakip sa halamanang ito. (51, 52)
6. **Bundok ng mga Olivo** Dito nagturo si Jesus tungkol sa Kanyang Ikalawang Pagparito. (46)
7. **Bahay ni Caifas** Maaaring dito nilitis ng mga pinunong Judio si Jesus, nang paratangan Siyang lumabag sa batas. (52)
8. **Silid sa Itaas** Maaaring ito ang silid na kinainan ng Paskua nina Jesus at ng Kanyang mga Apostol. Tinuruan ni Jesus ang Kanyang mga Apostol tungkol sa sacrament bago pumunta sa Halamanan ng Getsemani. (49, 50)



# Iba Pang mga Lugar na Dapat Malaman

**Amerika** Binisita ni Jesucristo ang mga tao sa Amerika matapos Siyang Mabuhay na Mag-uli at itinuro sa kanila ang ebanghelyo. Tumawag Siya ng labindalawang disipulo para pamunuan ang Simbahan dito. (40)

**Banal na Lupain** ang lupain kung saan nabuhay at nagturo si Jesus. Ang Judea, Samaria, at Galilea ay pawang nasa Banal na Lupain. (Pambungad)

**Daigdig** ang planetang tinitirhan nating lahat. Nilikha ni Jesucristo ang daigdig para sa atin. (Pambungad)

**Egipto** isang bansa sa timog ng Banal na Lupain. Sinabihan ng isang anghel si Jose na dalhin ang kanyang pamilya sa Egipto para hindi mapatay ni Herodes ang sanggol na si Jesus. (8)

**Langit** ang lugar na kinaroroonan ng Ama sa Langit. (Pambungad)

**Roma** ang kabisera ng Kahariang Romano. Itinuro ni Pablo ang ebanghelyo habang nakabilanggo sa Roma. (63)

# Mga Taong Dapat Makilala

**Agripa** isang haring Romano na namuno sa Israel. Nagsabi si Pablo kay Agripa tungkol kay Jesucristo.

**Ama sa Langit** ang Ama ng ating mga espiritu. Nagdarasal tayo sa Kanya.

**Ana** isang tapat na balo na nakakita kay Jesus noong sanggol pa Siya at itinuro sa mga tao na si Jesus ang Anak ng Diyos at ang Manunubos

**Ananias** isang disipulo ni Jesucristo na nakatira sa Damasco. Binasbasan at inalagaan niya si Pablo matapos itong mabulag nang makakita ng pangitain.

**Caifas** ang high priest na Judio na kasama sa paghatol kay Jesus nang Siya ay litisin

**Diyos** maaaring tumukoy sa Ama sa Langit o kay Jesucristo

**Elias** isang propeta sa Lumang Tipan

**Elisabet** ang ina ni Juan Bautista

**Espiritu Santo** isa sa tatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Tinutulungan Niya si Jesucristo at ang Ama sa Langit. May kapangyarihan Siyang tulungan ang mga tao na malaman ang katotohanan. Siya ay isang espiritu at walang katawang may laman at buto.

**Esteban** isang mabuting pinuno ng Simbahan ni Jesucristo. Pinatay siya ng mga Fariseo.

**Gabriel** ang anghel na bumisita kay Maria at nagsabi rito na siya ang magiging ina ni Jesus. Si Gabriel din ang nagpakita kay Zacarias at nagsabi rito na magkakaanak siya ng lalaki na siyang magiging si Juan Bautista.

**Herodes** isang masamang haring namuno sa Jerusalem noong isilang si Jesus. Pinapatay niya ang lahat ng sanggol sa Betlehem sa pag-asang mapatay ang sanggol na si Jesus.

**Isaias** isang propeta sa Lumang tipan na sumulat tungkol kay Jesus

**Jairo** isang pinunong Judio sa Capernaum. Ibinangon ni Jesus ang kanyang anak na babae mula sa mga patay.

**Jesucristo** ang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng mundo. Nagdusa Siya at namatay para sa ating mga kasalanan.

**Jose** asawa ni Maria. Inalagaang mabuti ni Jose sina Jesus at Maria.

**Joseph Smith** Noong bata pa si Joseph Smith, nagpakita sa kanya ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Sinabi Nila sa kanya na huwag sumapi sa anumang simbahang umiiral noon sa daigdig dahil lahat ng ito ay lihis sa katotohanan. Sa pamamagitan ni Joseph Smith, naipanumbalik ang totoong Simbahan ni Jesucristo sa daigdig.

**Juan** isa sa Labindalawang Apostol ni Jesus. Isa siya sa mga tagapayo ni Pedro pagkamatay ni Jesus.

**Juan Bautista** ang propetang nagbinyag kay Jesus. Siya ang anak nina Zacarias at Elisabet.

**Judas Iscariote** isa sa mga Apostol ni Jesus. Ipinagkanulo ni Judas si Jesus sa masasamang tao kapalit ng 30 pirasong pilak.

**Lazaro** isang lalaking ibinangon ni Jesus mula sa mga patay

**Maria** ang ina ni Jesus

**Maria at Marta** mga kapatid ni Lazaro at mga kaibigan ni Jesus

**Maria Magdalena** kaibigan ni Jesus at unang taong nakakita sa Kanya matapos Siyang Mabuhay na Mag-uli

**Matias** isang disipulo ni Jesus na pinahalili kay Judas Iscariote bilang isa sa Labindalawang Apostol

**Mesiyas** isa pang tawag kay Jesucristo

**Mga Fariseo** mga pinuno ng mga Judio. Karamihan sa kanila ay kinamuhian si Jesus at ang Kanyang mga disipulo.

**Mga Judio** mga Israelitang naging bahagi ng kaharian ng Juda. Si Jesus ay isang Judio.

**Mga Samaritano** isang grupo ng mga taong nakatira sa lupaing tinirhan ni Jesus. Karaniwan ay ayaw ng mga Judio at Samaritano sa isa't isa.

**Mga Taga Roma** mga taong kumokontrol sa lupaing tinitirhan ni Jesus noong Siya ay nabubuhay

**Moises** isang propeta sa Lumang Tipan

**Nicodemo** isang pinuno ng mga Judio na naniwalang si Jesus ang Tagapagligtas. Tinuruan ni Jesus si Nicodemo tungkol sa binyag.

**Pablo** isang lalaking ayaw sa mga disipulo ni Jesus hanggang sa makita niya si Jesus sa isang pangitain at maniwala. Pagkatapos ay naglingkod siya sa Diyos at naging isa sa mga Apostol. Kilala rin siya na Saulo.

**Pedro** isa sa Labindalawang Apostol ni Jesus at Pangulo ng Simbahan pagkamatay ni Jesus

**Poncio Pilato** ang gobernador ng Roma sa Jerusalem. Sinabi ng mga Judio kay Pilato na ipako sa krus si Jesus, at tinulutan ni Pilato na patayin si Jesus.

**Santiago** isa sa Labindalawang Apostol ni Jesus. Isa siya sa mga tagapayo ni Pedro pagkamatay ni Jesus.

**Satanas** isang espiritung anak ng Ama sa Langit. Hindi niya sinunod ang Ama sa Langit, kaya pinalayas siya sa langit. Siya ang naging diyablo. Tinatangka ni Satanas na tuksuhin ang mga tao na gumawa ng mali.

**Saulo** tingnan sa *Pablo*

**Silas** isang misyonero at kaibigan ni Pablo

**Simeon** isang mabuting taong nakakita sa sanggol na si Jesus sa templo sa Jerusalem

**Simon** isang lalaki sa Samaria. Tinangka niyang bilhin ang priesthood kina Pedro at Juan. Tinuruan nila siya na hindi mabibili ng isang tao ang priesthood.

**Tabita** isang mabuting babaeng muling binuhay ni Pedro

**Tagapagligtas** Si Jesucristo ang Tagapagligtas. Nagdusa Siya at namatay para sa ating mga kasalanan. Dahil sa Kanya, mapapatawad tayo sa ating mga kasalanan, kung magsisisi tayo, at mabubuhay tayo magpakailanman.

**Zacarias** ang ama ni Juan Bautista

# Mga Larawan ng Banal na Lupain

(Ang mga numerong nakapanaklong ay numero ng kabanata ng mga kuwentong nangyari sa o malapit sa nakalarawan.)



**Betlehem** Isinilang si Jesucristo sa bayang ito. (5, 7)



**Templo** Ito ang modelo ng templo sa Jerusalem kung saan nagturo ng ebanghelyo si Jesus at pinalayas Niya ang mga taong nagbebenta ng mga hayop na isasakripisyo. (1, 6, 9, 11, 13, 45, 56)



**Mga Baitang Paakyat sa Templo** Ito ang tunay na mga baitang paakyat sa templo.



**Nazaret** Lumaki si Jesus sa bayang ito. (2, 4, 9, 17)



**Jerusalem** Matagal na nagturo sina Jesus at ang Kanyang mga Apostol sa bayang ito. Dito namatay at nabuhay na mag-uli si Jesus. (6, 39–40, 44–57, 63)



**Ilog Jordan** Bininyagan ni Juan Bautista si Jesucristo sa isang panig ng ilog na ito. (10)



**Ilang sa Judea** Nag-ayuno si Jesucristo at tinukso ng diyablo sa ilang matapos Siyang mabinyagan. (11)




**Samaria** Tinuruan ni Jesus ang isang babae tungkol sa tubig na buhay sa isang balon sa lupaing ito. Kinamuhian ng karamihan sa mga Judio ang mga taga Samaria. (15, 58)



**Galilea at ang Dagat ng Galilea** Maraming taong naniniwala na sa gilid ng burol na ito ibinigay ni Jesus ang Sermon sa Bundok. Nasa likuran ang Dagat ng Galilea. Si Jesus ay nagturo ng ebanghelyo sa maraming tao, pati na ang Kanyang mga Apostol, malapit dito. Pinayapa ni Jesus ang bagyo sa Dagat ng Galilea. (18–22, 29, 34, 36)



**Capernaum** Ang mga guhong ito ay nasa bayan ng Capernaum. Maraming himalang ginawa si Jesus sa bayang ito. (23–25, 30)



**Cesarea ni Filipo** Dito nagpatotoo si Jesus tungkol sa Kanyang pagkamatay at Pagkabuhay na Mag-uli, at nagpatotoo si Pedro na si Jesus ang Anak ng Diyos. (32)



**Jerico** Sa talinghaga ng mabuting Samaritano, isang lalaki ang muntik nang mapatay habang naglalakbay papunta sa bayang ito. (35)



**Bundok Tabor** Maaaring dito nangyari ang Pagbabagong-anyo ni Jesucristo. (33)



**Halamanan ng Getsemani** Si Jesucristo ay nanalangin, nagdusa para sa ating mga kasalanan, ipinagkanulo ni Judas Iscariote, at dinakip sa halamanang ito. (51, 52)



**Golgota** Maaaring dito namatay sa krus si Jesucristo. (53)



**Libingan sa Halamanan** Si Jesucristo ay maaaring dito inilibing, nabuhay na mag-uli, at nakipag-usap kay Maria Magdalena. (53, 54)

# Time Line ng Bagong Tipan

## Bago Isinilang si Jesus hanggang A.D. 2

1 Sina Elisabet at Zacarias
2 Si Maria at ang Anghel
3 Isinilang si Juan Bautista
4 Si Jose at ang Anghel

(A.D. 0–2)
5 Isinilang si Jesucristo
6 Pag-aalay sa Templo
7 Ang mga Pantas na Lalake
8 Ang Masamang si Haring Herodes

## A.D. 11


9 Ang Batang si Jesus

## A.D. 31

10 Bininyagan si Jesus
11 Tinukso si Jesus
12 Ang Kasal sa Cana
13 Si Jesus at ang Bahay ng Kanyang Ama sa Langit
14 Nicodemo
15 Ang Babae sa May Balon
16 Ang Anak na Lalaki ng Pinuno
17 Ang mga Galit na Tao sa Nazaret
18 Pinili ni Jesus ang Kanyang mga Apostol
19 Ang Sermon sa Bundok
20 Nagturo si Jesus tungkol sa Panalangin
21 Inutusan ni Jesus ang Hangin at mga Alon
22 Ang Lalaking Sinaniban ng Masasamang Espiritu
23 Ang Lalaking Hindi Makalakad

## A.D. 32

24 Ibinangon ang Anak na Babae ni Jairo mula sa mga Patay
25 Hinipo ng Isang Babae ang Damit ni Jesus
26 Pinatawad ni Jesus ang Isang Babae
27 Ginagawa ang Gawain ng Kanyang Ama sa Daigdig




Ang numero sa kaliwang tabi ng pamagat ay nagpapahiwatig ng kabanata ng aklat na ito kung saan ninyo mababasa ang kuwento.

## A.D. 33

28 Pinakain ni Jesus ang 5,000 Tao

29 Lumakad si Jesus sa Tubig

30 Ang Tinapay ng Buhay

31 Pinagaling ni Jesus ang Bingi

32 Pinatotohanan ni Pedro si Cristo

33 Pagpapakita sa Kaluwalhatian: Ang Pagbabagong-anyo

34 Ang Batang Lalaking Sinaniban ng Masamang Espiritu

35 Ang Mabuting Samaritano

36 Nagkuwento si Jesus ng Tatlong Talinghaga

Ang Nawawalang Tupa

Ang Nawawalang Barya

Ang Nawawalang Anak na Lalaki

37 Ang Sampung Ketongin

38 Ang Fariseo at ang Publikano

39 Pinagaling ni Jesus ang Bulag

40 Ang Mabuting Pastol

41 Binasbasan ni Jesus ang mga Bata

42 Ang Mayamang Binata

## A.D. 34

43 Muling Binuhay ni Jesus si Lazaro

## Huling Linggo ng Buhay ng Tagapagligtas

44 Nagpunta ang Tagapagligtas sa Jerusalem

45 Ang mga Lepta ng Balo

46 Ang Ikalawang Pagparito

47 Ang Sampung Dalaga

48 Ang mga Talento

49 Ang Unang Sacrament

50 Iba Pang mga Turo sa Huling Hapunan

51 Nagdusa si Jesus sa Halamanan ng Getsemani

52 Ang mga Paglilitis kay Jesus

53 Ipinako sa Krus si Jesus

54 Nagbangon si Jesus

## A.D. 34–70

55 Pinamunuan ng mga Apostol ang Simbahan

56 Pinagaling ni Pedro ang Isang Lalaki

57 Pinatay ng Masasamang Tao si Esteban

58 Si Simon at ang Priesthood


59 Nalaman ni Saulo ang Tungkol kay Jesus


60 Muling Binuhay ni Pedro si Tabita


61 Sina Pablo at Silas sa Bilangguan

62 Sinunod ni Pablo ang Espiritu Santo

63 Tinapos ni Pablo ang Kanyang Misyon









Ang mga petsa at pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari ay tinantiya.



TAGALOG
4 02366 18893 2
36618 893